

# Prologue

**B**ahan-dahan ang pagtaas-baba ng kamay ni Mon nakapalibot sa kanyang tayong-tayong alaga. Nandoon siya sa loob ng isang banyo sa *Mojo Bar* sa Malate. Nagkayayaan ang barkada at sumama siyang gumimik, pero iniwan niya muna ang mga ito sa mesa nila. Sigurado siyang kung hindi nakikipagsayaw ay nakikipaglandian ang mga kaibigan niya sa kani-kanyang ka-date, habang siya ay narito sa nag-iisang cubicle ng banyo at pinapaligaya ang sarili gamit ang kanyang *mario brothers*.

Basta tinatawag siya ng makamundong kaligayahan ay wala siyang pinipiling lugar. It was fun doing it in a bathroom. It was part of his sense

of adventure. Gusto niya iyong isipin na anumang oras ay may kakatok sa pinto at sasabihing kailangan niyang magmadali dahil may gagamit pa sa banyong inookupa niya. He felt excited doing it in the toilet. Madalas, tuwing lumalabas silang magbabarkada ay binibinyagan niya ang mga banyo ng pinupuntahan nilang bar.

Nag-iinit na siya sa ginagawang pagpapaligaya sa sarili. He was imagining a lady dancing on his lap, making him feel so good. Pinigilan niyang mapaungol. Lalong tumigas ang kanyang kargada. Kung may kasama siya ngayon ay makikita nito kung paano tumirik ang kanyang mga mata sa sarap. Nagtatayuan ang maliliit na balahibo niya sa katawan. He was almost in paradise when somebody barged in.

Napasigaw si Mon, pero hindi dahil naabot niya ang sukduhan. Nanlalaki ang mga matang tinitigan niya ang babae sa kanyang harapan.

“What the f\*ck!” bulalas niya.

Teka nagkamali ba siya ng banyong pinasok? Banyo ba ng mga babae ang nasuotan niya? Unisex toilet? Hindi niya matandaan kung may napansin siyang urinal kanina.

Nakalapat ang palad ng babae sa dahon ng

pinto na bumuo ng triangle sa tiled na pader.

Ang lahat ng init sa katawan niya ay naglaho. Isasara sana niya ulit ang pinto, pero nakapasok na ang babae at ito pa mismo ang nag-lock niyon.

Nabitin siya at gusto niyang mainis sa babae dahil dumating ito sa maling-maling timing. Gusto niya itong sigawan, pero umaakto ito na parang walang kakaibang nakita.

At sa halip na lumabas ay sinamahan pa siya nito sa cubicle. Ano ba ang trip nito?

“Sige, ituloy mo lang iyan. Isipin mo na lang na wala ako rito,” sabi nito habang nakatalikod sa kanya.

Inayos niya ang sarili. Nang mai-zipper na niya ang pantalon ay saka niya ito pagalit na kinausap.

“I’m decent now. Puwede ka nang humarap,” asar na sabi niya.

Sa halip na sundin ang sinabi niya ay inilapat nito ang tainga sa pinto.

The girl was pretty. She was petite, maybe about five feet and two inches. Pandak ito para sa kanya na six feet at two inches ang taas. Nakatungo siya rito, naghihintay na bumaling ito sa kanya.

“Puwede kang umalis kanina! Bakit di mo ginawa?” His voice was low and dangerous.

Saglit siyang tinapunan nito ng inis na tingin at nagpatuloy lang sa animo'y pakikinig kung may tao sa labas.

“Hey! Kinakausap kita.” Nakakagigil talaga ang babaeng ito.

Imbes na sagutin si Mon ay sinenyasan pa siya nito na manahimik.

May pinagtataguan ba ito? Nag-iisa ang cubicle, kaya di nakapagtataka na napili nito ang stall niya. At sa kabila ng nakita, ang lakas ng loob nitong tumuloy at balewalain siya.

Impakta talaga.

“Wala na siguro,” narinig niyang sambit nito.

“Sino?”

“Wala ka na do'n. Sige, pasensya na ulit.”

Hinawakan ng babae ang thumbturn ng bathroom lock, pero hinila niya ang braso nito at humarang siya sa pagitan nito at ng pinto. “Saan ka pupunta?”

“Aalis na.”

“Sa tingin mo makakalabas ka dito nang gano'n-gano'n lang? Paano kung magnanakaw ka o masamang tao ka pala kaya may naghahabol sa 'yo?” Nakita niya kung paano namilog ang singkit nitong mga mata at kung paano napanganga ang

maliit nitong bibig.

That simple gesture made his loins hard again. Bagay na ipinagtaka niya dahil hindi niya gusto ang tulad nito na maliit at napakaputi. Mas attracted siya sa morena. Pero makinis ang kaharap. Hindi katangusan ang ilong nito, pero makipot at maganda ang hugis ng mga labi. She was more cute than beautiful. And she was not his type.

Hindi niya ipinagmamayabang, pero bata pa lang ay alam na niyang pinagpala siya sa pisikal na aspeto. Namana niya sa kanilang papa ang tindig at ang ngiti nito. Girls described him as a super hot and yummy. Ibang klase raw ang epekyo niya sa mga kalahi ni Eba ayon sa mga kabarkada niya. Sa edad na nineteen ay captain siya sa basketball team sa kanilang unibersidad.

Mayaman ang pamilya nila, pero sinasamahan niya pa iyon ng sikap at tiyaga. Masipag siya sa lahat ng bagay dahil pinalaki siyang ganoon ng mga magulang. Siya raw kasi ang aasahan sapagkat siya ang panganay na anak.

Pumiksi ang babae sa hawak niya, dahilan para bumalik siya sa kasalukuyan.

“Masamang tao? Sa ating dalawa, ikaw ang may ginagawang di maganda kanina, kuya.” Pauyam

itong ngumiti.

Tiningnan nito ang brasong bahagyang namula sa hawak niya bago muling ibinalik ang tingin sa kanya. Ganoon ba kahigpit ang hawak niya? O siguro dahil maputi talaga ito kaya nagmarka. He wanted to say sorry, but she was speaking again.

“Hindi sa maarte ako, kaso ’yang kamay mo na hinawak mo sa braso ko ay ’yun ding kamay na hinimas mo sa manoy mo kanina. Obviously, walang hugasan dito sa loob. Alangan namang sa inidoro ka naghugas habang nakatalikod ako.” Tumigil ito at pinasadahan siya ng tingin mula ulo hanggang paa. “Guwapo ka naman, pero ang manyak mo! Sinong siraulo ang magma-masturbate sa ganitong klase ng lugar? Ang sikip-sikip dito, o!” Tiningnan nito ang magkabilang panig ng cubicle at umismid. “Wala akong pakialam sa ’yo o kung anuman ang trip mo sa buhay. Ang gusto ko lang ay makalabas na rito kaya excuse me at dadaan ako.”

Tumabi si Mon para mabuksan nito ang pinto, pero sa sikip ng banyo at sa laki niya ay parang kakailanganin niya ulit umupo sa bowl para makalabas ito. Umandar ang pagkausisero niya.

“Sino’ng pinagtataguan mo?”

“Ay, ang kulit ni kuya. Padaan na lang, puwede?”

“Nope! Answer my question first.”

Bumuntong-hininga ito bago ulit nagsalita. “Yung ex-boyfriend ko kasi, nakita ako kanina. Malas ko talaga. Minsan na nga lang akong mag-night life,” reklamo nito.

Maniniwala ba siya rito o ano? Pero mukhang totoo ang sinasabi nito.

“Ano, okay na ba ang paliwanag ko? Baka puwede mo na akong palabasin?”

“Isang tanong na lang. Pambabae ba ’tong banyo na napasukan ko?”

Nakita niyang ngumiti ang babae.

*Hmm, hindi na masama. She’s very pretty when she smiles like that.*

“Ah, ako ang nagkamali. Sa kamamadali ko kanina, dito ako napasuot. Sorry ulit. Enjoy mo ’yung naudlot mong ginagawa at next time, huwag mong kakalimutang mag-lock ng pinto.”

Tumabi na siya at sumiksik sa isang gilid para makalabas ito.

What the f\*ck! So sa kalibugan niya kanina ay nakalimutan niyang i-lock ang pinto. Gusto niyang batukan ang sarili. Oo, gusto niya ng adventure, pero hindi nakakatuwa ang mahuli sa akto.

Practice game nila ngayon para sa final game dahil sa makalawa ay laban na. *Black Panthers* ang team niya at ang *Yellow Tigers* naman ang mahigpit nilang kalaban.

Tumakbo siya para agawin ang bola nang may mahagip ang kanyang paningin. Isang pamilyar na bulto ng babae ang naghahanap ng mauupuan sa basketball bleachers. Nang makaupo ay kumaway ito sa direksyon niya. Kakaway na dapat siya pabalik nang may sumigaw galing sa kanyang likuran.

“Ara!” masayang sigaw ng teammate niyang si Richard Sandoval habang kumakaway sa babae.

So her name was Ara. Dito rin ba nag-aaral ang babae? Ang sigurado, kilala ito ng ka-team niyang si Richard. Nagsalubong ang mga kilay ni Mon nang makitang tumakbo ang lalaki papunta rito.

Nakita niyang ngumiti nang matamis ang babae habang kausap ni Richard. Ilang taon na kaya ang babae? Mukha kasing napakabata pa nito.

Mula nang mahuli siya nito na may ginagawang milagro hindi na siya natahimik. Lagi niya itong naiisip at naaalala niya ang mukha nitong nagulat nang mahuli siya sa akto noong gabing iyon. Hanga siya sa reaksyon nito na parang walang nakitang masama na basta na lang pumasok at nagtago sa



loob ng toilet cubicle kasama siya.

Hindi niya akalain na makikita niya pa pala ulit ito. At talagang dito pa?

“Time out!” sigaw ng kanilang coach na si Luis Hernandez.

Kani-kanya silang hanap ng mapupuwestuhan. Naupo siya malapit kay Richard at nakita niyang lumapit dito si Ara.

Parang napilitan si Richard na ipakilala sila nang tumingin siya sa gawi ng mga ito. “Ah, nga pala, Ara, si Monjour, team captain ng *Black Panthers*,” pakilala nito sa kanila. “Captain, si Ara, pareho kayong nasa *School of Business* dito sa university.”

Alam niyang katulad niya ay medyo nagulat din si Ara at naalala rin nito ang una nilang pagkikita.

Tumayo si Mon at humarap dito. “Hello,” pormal niyang bati sa babae. Hindi niya ipinahalata na medyo tense siya.

“Ah, hello,” sambit nito.

Ang tapang nitong magsalita noong nasa loob sila ng banyo, pero ngayong kaharap si Richard ay para itong maamong tuta kung umakto.

Pero ang mas kinainisan niya ay ang pagkaaliw na nakikita sa mga mata nito. Parang pinipigilan

lang nitong matawa. Sigurado siyang lihim siyang pinagtatawanan ni Ara dahil nakita siya nitong nagma-masturbate sa loob ng banyo. Bakit ba kasi sa dinami-dami ng babaeng papasok doon ay ito pa na schoolmate niya? Nakakainis talaga!

“Bakit ka natatawa?” masungit niyang tanong kay Ara.

Parang nagulat si Richard sa inakto niya. Siguro ay dahil kilala siyang gentleman pagdating sa mga kababaihan. Well, kung tender at gentle siya sa ibang babae, puwes hindi sa babaeng ito. Unang kita pa lang nila ay nakatikim na siya ng insulto mula rito at ngayon kahit hindi ito nagsasalita ay naiinsulto pa rin siya.

Hindi ito umimik at nanatili lang itong nakatingin sa kanya na parang nagtataka.

“Pinagtatawanan mo ba ako?” direkta niyang tanong.

“Hindi naman ako tumatawa,” sagot ni Ara at nilingon si Richard. “Did you hear me laughing, Rich?”

Umiling ang lalaki. “I didn’t.”

“See? And why would I laugh at you? Kakakilala lang natin. Wala akong dahilan para pagtawanan ka.”

Pero nanunukso ang nakangiti nitong mga mata. Alam niyang may laman ang sinasabi nito. Umayon ito sa pagpapanggap niya na noon lang sila nagkakilala. Dapat ay matuwa si Mon na nakikisama ito, pero lalong kumulo ang kanyang dugo.

“Ah, sorry. Akala ko ikaw ’yung narinig kong tumawa.” Binalingan niya si Richard at tinapik ito sa likod. “P’unta muna ako kay Coach.”

Lumayo na siya sa mga ito. Pakiramdam ni Mon ay may hawak na alas si Ara laban sa kanya.

Mula nang mahuli siya nito sa loob ng banyo ay hindi na siya ulit nag-masturbate sa kahit saang banyo sa takot na mangyari ulit ang ganoong tagpo. Pakiramdam ni Monjour ay na-trauma siya.

Nahiling niya na sana ay ito na ang huli nilang pagtatagpo ng babae dahil nabubuwisit siya sa mukha nitong mapang-asar.

*Hindi na nga maganda, nang-aasar pa. Akala naman niya chicks siya, maktol ng kanyang isipan.*

Hindi ito pangit, pero napaka-plain ng hitsura nito kung ikukumpara sa mga babaeng nakakadate niya. Nawalan siya ng ganang mag-practice.



Naglalakad si Monjour sa hallway nang

matanawan ang babaeng ayaw niyang makita. Kasalubong niya ito. Gusto niyang umiwas, pero nang ma-realize na parang di man lang siya nito napansin ay may parte ng isipan niyang nag-udyok na lapitan niya ito.

“Hi,” bungad ni Mon sa dalaga.

Mukhang ang lalim ng iniisip nito. Pero kung may problema man ito ay wala siyang pakialam.

“Padaanin mo ako dahil nagmamadali ako,” sabi nito na pilit siyang nilalagpasan.

Lalo niyang hinarangan ang dadaanan nito na parang nakikipagpatintero.

“Ang haggard naman ng mukha mo. Hindi ka na nga maganda, hindi ka pa nagme-makeup. Bawiin mo na lang sa makeup para presentable kang tingnan,” banat niya. Gusto niyang saktan ito sa pamamagitan ng mga salita. Araw-araw ay nadaragdagan ang ipon niyang inis kay Ara at gusto niyang makita itong naiinis din sa kanya.

Pero bigo siya dahil imbes na ngawngawan siya ay nginitian pa siya ng babae nang ubod-tamis saka sinabing, “Okay lang kahit hindi ako maganda, wala naman akong pinagpapagandahan. At saka, problema ko na ’yon kung presentable akong tingnan o hindi. Ngayon, puwede na ba akong

dumaan?”

Lalong nagmarakulyo ang loob ni Mon.

Gusto niyang magalit ito at magmukhang si *Hulk*—iyong tipong lalong papangit kapag nagagalit, pero nanatiling maamo ang mukha nito.

*Marunong bang magalit ang pangit na ito?* tanong niya sa sarili.

Napatitig siya sa rito. Daig pa nito ang kontesera sa isang beauty contest dahil parang hindi man lang nangangalay ang facial muscles nito sa kakangiti.

“Alam mo, hanga ako do’n sa naging ex-boyfriend mo. Siguro may katarata ang mga mata n’on kasi hindi ko makita kung saan ka niya banda nagustuhan,” banat niya ulit.

Pero minsan pa ay bigo siyang galitin ito.

“May point ka. Baka nga malabo mga mata niya. Siguro ang tingin niya sa ’kin buto. Mukha kasing aso ’yon kaya hinahabol-habol ako.”

Muntik na siyang mapabunghalit ng tawa sa sinabi nito.

Akmang lalampasan ulit siya ni Ara nang muli niyang iniharang ang katawan sa daraanan nito.

“Magkikita pa ulit tayo at hindi ito natatapos dito,” mahina niyang sambit malapit sa tainga nito.

Nagkibit-balikat ang babae saka sumagot,

“Okay. See you soon—er—or later.” Naglakad na ito palayo.

Naiwan siyang nakatulala. Bilib din siya sa babae. Sa dami ng masasakit na salitang ibinato niya rito ay nanatili pa rin itong kalmado.

“She’s got spunk,” naibulong niya sa sarili. Lihim siyang napangiti. Mas nae-excite tuloy siyang pumasok.



Ngayon na ang araw na laban ng dalawang sikat na unibersidad. Championship kaya mas marami ang nag-aabang. *Panthers vs Tigers*. Maingay at masaya, may mga sumasayaw para i-cheer ang kani-kanilang grupo.

Pero may hinahanap ang kanyang mga mata, walang iba kundi si Arabelle Garcia.

Nagtanong-tanong siya tungkol sa dalaga at nakakuhangilang impormasyon ukol dito. Nalaman niyang scholar ito sa university na pinapasukan nila. At vice president pala ito ng student council. Kaya siguro lagi itong busy kapag nakikita niya. May nagsabi rin sa kanya na ex-boyfriend nitong si Greg ang kasalukuyang president ng student body. Hindi na siya nagtataka na nahihirapan si Ara na iwasan at takasan ang lalaki.

Mukhang sikat din ang lalaki sa university nila dahil parang kinikilig ang mga babaeng nagkuwento sa kanya tungkol dito kahit hindi naman siya nag-uusisa. Galing daw sa pamilya ng eye surgeons ang lalaki. Kung ganoon ay imposibleng malabo ang mga mata nito. Guwapo rin daw ang lalaki, matalino, at mayaman.

Sobrang busy ba ni Ara kaya wala ito ngayon? Kanina pa niya hinahanap ang presensya nito dahil pakiramdam niya ay gaganahan siyang maglaro kapag nakita ito. Pero naikot na yata ni Mon ang buong arena ay hindi niya pa rin ito nakikita. Nag-uumpisa na naman siyang mainis.

*Saan ba nagpupunta ang pangit na babaeng iyon? Malapit nang mag-umpisa ang laro!*

“Monjour,” tawag sa kanya ng teammate na si Jade. “Mag-uumpisa na tayo sabi ni Coach.”

Walang nagawang sumunod siya rito kahit na medyo labag sa loob.



Hindi sila halos nakakaagaw ng bola dahil parang ang bigat ng pakiramdam niya. Kailangan niya yatang uminom ng *Milo* para magkaroon ng energy.

“Monjour! Ano’ng nangyayari sa ’yo? ’Nak

ng tokwa naman, o. Daig mo pa'ng may pasan na sampung kalabaw diyan sa laro mo!" sigaw sa kanya ni Coach Hernandez.

Pati nga siya ay nagtataka sa klase ng laro niya. Ngayon pa na championship na, saka pa siya matamlay.

"Sorry, Sir," hinging paumanhin ni Mon.

Naiwan na sila ng kalaban, kinse na ang lamang ng mga ito sa kanila.

Ngayon pa talaga siya minamalas. Parang ayaw sa kanya ng bola. Kapag inihahanda na niya ang sarili para makuha ang tres ay kung hindi naagaw ang bola ay ayaw lumusot sa ring!

Humingi ng time out ang head coach nila.

"Monjour, ikaw ang inaasahan ng lahat. Ikaw ang team captain. Ngayon ka pa nagkakaganyan, championship na. Team work, guys, team work! 'Yan ang wala sa inyo kanina. Hindi natin kakayanin kapag hindi tayo nagtulungan. Understood?"

May mga sinabi pa ito, pero hindi na niya narinig dahil muli ay sinuyod ng mga mata niya ang buong arena, umaasang makikita ang kanina pa niya hinahanap. Hanggang sa mahinto ang kanyang mga paningin sa isang bakanteng upuan. Halatang kararating lang ng babae dahil hindi pa ito



nakakaupo roon, tila nagtatanong pa sa makakatabi kung may nakaupo ba sa pupuwestuhan nito.

Wala sa loob na napangiti si Monjour. *There you are.*

Daig pa niya nakainom ng *Cobra* energy drink nang makita si Ara dahil parang sumigla ang kanyang pakiramdam. Parang lumiksi ang kanyang katawan at nabuhayan siya ng dugo.

Nakita niyang nakangiti ito habang kinakausap ng lalaking katabi.

*Sa dami ng mauupuan ay sa kumag na 'yun pa talaga siya tumabi!*

“Okay, time na para pagbutihan n’yo, *Black Panthers*. Malaki na ang lamang ng kalaban,” paalala ng coach nila.

“Yes, Sir!” sagot nila ng teammates niya.

Tumingin siya ulit sa pwesto ni Ara na ngayon ay sa gawi niya nakatingin. Patay-malisyang ipinaling niya sa ibang direksyon ang ulo para hindi nito mahalata ang pagsulyap niya. Sa kaibuturan niya ay natutuwa siyang nakapunta ang babae at mapapanood siyang maglaro.



“*Panthers! Panthers!*” masayang sigaw ng mga tao sa kanyang paligid. Sa kabilang panig ay *Yellow*

---

*Tigers* ang isinisigaw.

Kanina pa dapat siya nanonood sa game na iyon, pero na-stuck siya sa meeting ng mga nasa school organization mula president hanggang auditor. Kagabi pa lang ay sobra na ang pakiusap na ginawa ni Richard sa kanya na hindi siya dapat mawala sa championship game kung di ay magtatampo ito.

Hindi niya gusto na sumama ang loob ng kaibigan, kaya nandito siya para suportahan ito. Kahit na may isang tao siyang kinaiinisan at iyon ay walang iba kundi si Monjour Maniquis, heto siya at nanonood. Sikat ang tatlong magkakapatid na Maniquis sa university na pinapasukan nila. Si Monjour ang panganay.

Ang totoo ay nakilala niya ito noong gabing magkita sila sa bar, hindi lang niya ipinahalata, at lalong hindi niya ipinaalam dito. Ewan ni Ara, pero hindi talaga siya nakaramdam ng takot at pag-alala na magtago sa cubicle na inookupa nito. Ano naman ang gagawin nito sa kanya sa dami ng magagandang babae na nagpapapansin dito?

Pero hangga't maaari sana ay ayaw na niya itong makatagpo. Una, dahil wala na itong ibang ginawa kundi ang i-bully siya. Lagi siya nitong sinasabihan

na pangit. Nakakababa ng self-confidence kahit na nga ba sinasabi niya sa sarili na huwag na lang paapekto.

At lagi siyang minamalas dahil laging nagkukrus ang landas nila. Madalas ay nagkukunwari na lang siyang hindi niya ito nakita o napansin, pero hindi siya pinapalagpas ng tarantado. Hinaharang talaga siya nito para lang insultuhin.

“I love you, Monjour,” narinig niyang tili ng mga babae sa kanyang likuran.

Kaninang bagong dating siya ay lamang ang *Yellow Tigers*, pero ngayon ay nangunguna na ang *Black Panthers*.

*Mukhang bumabawi ang mga mokong, ah,* naisip niya.

Tuwing nakakapuntos si Richard ay tumatayo siya at ichini-cheer ito kahit na alam niyang hindi maririnig ang boses niya. Gusto niyang makisigaw. Pero kapag si Monjour ang nakakapuntos ay deadma ang lola n’yo. Wala siyang pakialam kahit napapansin niyang kapag pasok ang tira nito ay tumitingin agad ang lalaki sa gawi niya.

*Guni-guni mo lang ’yan, neng,* kontra ng isang bahagi ng utak niya.

Bakit naman titingin ang lalaki sa direksyon

niya?

*Nagyayabang kasi!*

Tumigil na siya sa pakikipagtalo sa sarili. Wala siyang pakialam sa Monjour na iyon.

Nakapuntos ulit si Monjour at agad na lumingon sa kanyang gawi, malapad ang ngiti.

*Ano ba'ng nginingiti-ngiti ng unggoy na ito?*

Gusto niyang tumingin sa likuran niya dahil baka naroon ang sinusulyapan nito at baka assumera lang talaga siya, pero nanatili siyang nakatutok sa harapan.

Nang humingi ng time out ang kabilang team, nagtakbuhan sa gilid ang teammates ni Monjour, pero ang binata ay sa gawi niya tumakbo. Hindi siya sigurado kung sa kanya ba ang tungo nito, pero nang tumigil ito sa tabi niya ay kinabahan si Ara. Nagwawala ang kanyang puso sa kinalalagyan niyon. Rinig na rinig niya ang pintig ng puso niya at nabibingi siya sa lakas niyon.

O baka nabibingi siya sa ingay ng mga tao sa paligid nila. Namamanhid ang buong katawan niya dahil sa sobrang kabang nararamdaman.

“Saan ka ba nagpunta, pangit, at bakit late ka?”  
Hindi ito nakangiti at lalong hindi malambing ang boses nito. Pagalit iyon at pasigaw, at nakabusangot

ang mukha nito habang nagsasalita. Sa madaling salita, nakakabuwisit ang hitsura ng pagmumukha nito.

He was definitely not her idea of *Prince Charming*. Mabuti na lang din dahil matagal na siyang hindi naniniwala sa fairy tales.

May naririnig siyang kinikilig na tili ng mga babae mula sa kanyang likuran na para bang nanginginig pati ang pantog ng mga ito at kulang na lang ay maihi dahil sa excitement na nararamdaman.

Pero hindi kilig ang nararamdaman niya! Kahit kailan talaga ay peste itong si Maniquis sa buhay niya. Ano ba ang ginagawa ng lalaking ito sa harapan niya? Feeling yata nito ay close sila na obligado siyang magpaliwanag kung bakit siya huli. At daig pa nito ang nagtatampong boyfriend kung umasta.

“Kanina pa kita hinihintay at muntikan na kaming matalo dahil wala ako sa mood na maglaro.”

*Wow! Kasalanan ko pa pala kung matatalo ang team ng gunggong na ito.*

Gusto niya itong sigawan sa harapan ng karamihan at sabihang tumahimik. Pero ayaw niyang ipahiya ang sarili. Kunwari na lang kaya ay

hindi niya ito kilala?

“Ano? Tutunganga ka na lang ba d’yan, pangit? Wala ka man lang bang sasabihin?”

“Sige, good luck.” Wala siyang ibang maisip na mas maganda pang sabihin kaya iyon na lang ang sinabi niya. Sana ay umalis na ito.

Nagkakagulo kasisigaw ang mga nakarinig at hindi niya mawari kung kinikilig nga ba ang mga ito o nabubuwisit sa nasasaksihan.

“D’yan ka lang! Kapag hindi kita nakita d’yan, ipapatalo ko talaga ang larong ito.”

Naghiyawan uli ang audience sa loob ng arena.

Tumakbo na ito pabalik sa court. Naiwan siyang nakatulala.

Ano ba ang pinagsasabi ng lalaking iyon? Na sa kanya nakasalalay ang pagkapanalo ng grupo nito? Ibig sabihin pala ay sa kanya isisisi kapag natalo ang *Panthers*!

*Siraulo ba siya?*

Bakit ba kasi nakilala pa niya ito! Mula noon ay hindi na siya tinantanan ng tarantado kapag nagkikita sila. Parang nabubuo lang ang araw nito kapag nainsulto na nito ang buong pagkatao niya. Totoong isa itong malaking ‘f\*ck you’ sa buhay niya. Hindi man niya ipinapahalata sa lalaki ay

---

malapit na talaga siyang mapuno rito.

*Hindi ko alam ano'ng kasalanan ko at nakilala ko ang taong sisira sa bawat araw sa buhay ko.*

Matalim ang tinging ipinukol niya sa likod ng lalaking naka-three points. Iniisip niyang ginugulpi niya ito at napadugo niya ang ilong nito nang bonggang-bongga. Napabuntong-hininga si Ara. Medyo gumaan ang pakiramdam niya.

## 1

“Sir Monjour, may balita na ako sa ipinapanahanap n’yo,” sabi ng isa sa private investigators na kinonsulta niya. May inilatag itong mga litrato sa kanyang mesa. Halatang stolen shots ang mga iyon. “Ito na po siya ngayon.”

Marahan niyang pinakawalan ang hininga nang matitigan ang mga larawan. She was breathtakingly lovely.

“Nasa Cebu na po si Miss Ara ngayon, Sir. Dati ay may maliit na negosyo ang kanilang pamilya. May minanang mango orchard ang mama niya, pero ayon sa nakausap kong source ay naisanla nila ang taniman nang magkasakit ng cancer ang kanyang ina. Malaki ang pagkakautang nila do’n sa



napagsanlaan nila ng mango orchard.”

“Ganoon ba?” Hindi siya halos makapagsalita. Sa wakas ay may balita na siya kay Arabelle Garcia.

Kung pera lang ang problema ng babae, bilang CEO at Chief Financial Officer ng *Maniquis Construction* ay kayang-kaya niya itong tulungan. Ang tanong ay kung tatanggap ito ng kahit ano mula sa kanya.

“Yes, Sir. Napag-alaman ko rin na ang hinihinging kabayaran ng pinagkakautangan niya ay ang bahay at lupa na naiwan kina Miss Ara at sa kapatid niya, pero ayaw iyong ibenta ng magkapatid.”

Tinatagan ni Mon ang dibdib para sa sunod na gustong malaman.

“May asawa na ba si Ara?” Bakit ba hindi niya agad naisip ang posibilidad na iyon? Pigil ang hiningang hinintay niya ang sagot nito.

“Wala pa, Sir.”

Saka lang siya nakahinga nang maluwag nang marinig iyon. Pinagtuunan niya ng pansin ang karugtong ng sinasabi ng private eye.

“Sa dami siguro ng problema niya, ni hindi ko siya nakitang makipag-date buong panahon na sinusubaybayan ko siya.”

Marahil ito na ang tamang timing para magpakita siyang muli sa babae. Ano kaya ang magiging reaksyon nito? Ano't anuman, gagamitin niya ang oportunidad na ito para makapasok ulit sa buhay ni Ara. He wanted her back! At gagawin niya ang lahat maibalik lang ito sa buhay niya.



Araw ng Linggo at plano ni Ara na magpunta sa department store para mag-window shopping. Binigyan siya ng kanyang mama ng pera, bilhan daw niya ang sarili ng anumang magustuhan.

Bihira siyang magkaroon ng libreng oras dahil bukod sa extra-curricular activities ay nagtatrabaho rin siya bilang isang service crew sa isang sikat na fast food restaurant. Sanay na siyang mag-part-time job. Ginagawa niya iyon para may maitulong sa kanyang mama kahit papaano. Hindi sila mayaman at hindi rin kahirapan. Empleyado ang kanyang ina sa bangko at kahit medyo malaki ang sahod nito ay may mga pagkakataong kinukulang pa rin sila. Wala kasi itong katuwang sa pagpapalaki at pagtataguyod sa kanila.

Matagal nang hiwalay ang mga magulang niya at hindi na ulit naisip ng kanyang ina na mag-asawa pa. Mayaman ang side ng kanyang papa, pero ni

minsan ay hindi lumapit sa mga ito ang kanilang mama. Katuwiran nito, kahit pa magkakandahirap-hirap ito sa pagpapalaki sa kanila ay hindi ito hihingi ng tulong sa kanilang ama.

Dalawa lamang silang magkapatid ni Ashley at siya ang panganay kaya mas maagang naharap sa obligasyon. Scholar siya sa unibersidad na pinapasukan kaya hindi masyadong nabigatan ang ina sa kanyang tuition fee. Nasa high school pa lang si Ashley kaya nagagawan pa ng paraan ang pangmatrikula nito.

Masaya si Ara dahil may extra siyang pera ngayon para pang-shopping, este—sa paggala. Masyadong bongga ang salitang shopping dahil bibili lang naman siya ng isang pirasong damit at karamihan sa oras niya ay mauubos lang sa pag-iikot sa mall.

Pumasok siya sa hilera ng mga boutique, umaasang may magugustuhan siya roon na magandang damit. Ang mahirap sa isa lamang ang bibilhin ay mahihirapan kang pumili kung alin ang dapat mong bilhin. Sa dami ng choices ay malilito ka nang sobra kung alin ang dapat mong piliin. Lalo na kung lahat ay magaganda!

Dumerecho siya sa ladies' wear section sa

department store. Karaniwan kasi ay mas mura ang mga damit doon kumpara sa mga nasa boutique.

Sa wakas ay may nagustuhan siyang T-shirt, black ang kulay at may Korean characters na print sa gitna. Namilog ang mga mata niya nang makita ang price tag. Paniguradong mabubutas ang bulsa niya! Ibinalik niya sa hanger rack ang T-shirt.

Napabuntong-hininga si Ara, nakaramdam ng panghihinayang. Ayos lang sa kanya kahit hindi niya mabili ang damit. Maghahanap na lang siya ng iba, iyong maganda rin, pero kaya ng budget niya.

May nakita siyang damit na sunny yellow ang kulay at may maliit na red design at naisip na paniguradong babagay iyon sa kanya. Simple pero maganda, at hindi kasing-mahal nang i-check niya ang presyo. Inalis niya sa rack ang damit para isukat. Hindi na niya kailangang pumunta sa fitting room. Ipinaibabaw na lamang niya sa katawan ang damit. Napatingin siya sa kalapit na salamin.

Bagay nga!

Kinuha niya ang wallet para i-ready ang pera bago siya pumunta sa counter para bayaran ang damit. Binilang niya ang one hundred peso bills na bigay ng mama niya.

“Dapat hindi ka dito bumibili. Mukhang hindi

mo afford ang mga damit dito.”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng boses para tingnan ang hudyo. Sinasabi na nga ba niya. Walang iba kundi si Monjour Maniquis.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” kunot-noong tanong niya.

“Namamasyal. Ikaw ang wala dapat dito. Mas bagay ka sa bangketa o di kaya ay sa mga ukay-ukay.”

Gusto man niyang suntukin ang lalaki ay pinigilan ni Ara ang sarili. Hinding-hindi niya hahayaang maramdaman ng herodes na natalo siya nito at napikon siya rito.

Nginitian niya ang lalaki saka nagsalita, “Bakit ba nangingialam ka?”

“Concerned lang naman ako sa ’yo. Tingnan mo nga, kailangan mo pang bilanging mabuti ang pera mo. Ano, kasya pa ba ang pamasaha mo pauwi, ha?”

Hindi niya ipinahalata na sobra siyang nainsulto. Ibinalik niya ang pera at wallet sa bag niyang dala.

Bahala ang lalaki kung masaya ito sa ginagawa, baka malungkot ang buhay nito at sumasaya lang kapag nakakapanlait ng ibang tao.

“Isa pa, hindi rin nakakaganda kahit sa mall mo bilhin ang damit mo. Kung gusto mo talagang gumanda, mag-ipon ka ng pera at pumunta ng South Korea para magparetoke dahil hindi na kakayanin ng himala ang kaso mo.”

Lalo siyang nainis sa sinabi ng lalaki. Sumabog na siguro siya sa galit kung di lang nito hinagip ang kamay niya.

“O, ’eto.” Inilagay nito sa palad niya ang sanlibong pisong kinuha nito sa wallet at ikinuyom ang kamay niya sa pera.

“A-ano’ng ginagawa mo?” nauutal niyang tanong. Talagang hinahamon siya nito ng laban—laban ng pasiraan ng ulo. Hinila niya ang kamao mula sa hawak nito.

Ano ba ang tamang gawin?

Punitin kaya niya ang pera sa malilit na piraso at ibato na parang confetti sa mukha nito? O, tutal, lukot naman na ang pera, itapon na lang niya iyon na parang basura sa paanan nito. Puwede ring tanggapin niya iyon dahil kusa naman iyong ibinigay ng hambog na lalaki.

*Sayang din kasi*, sabi ng isipan ni Ara.

Ibinukas niya ang kamay na nakakuyom sa pera at medyo matagal ding tinitigan ang sanlibong

piso.

Finally, nakapagdesisyon din siya.

“Salamat.” Ibinalik niya sa rack ang hawak na damit at nagsimulang maglakad palayo sa lalaki.

Akala ba talaga nito ay tatanggihan niya ang ibinigay nitong pera sa kanya? Naku! Akala lang nito ang bagay na iyon. Walang lingon-likod siyang naglakad palabas ng mall. Nawalan na siya ng ganang bumili ng damit. Next time na lang siya bibili at sana hindi na niya muling makaengkwentro ang pesteng lalaki.



Isang linggo na ang lumipas mula nang asarin niya si Ara sa loob ng mall at mula noon ay hindi pa niya ulit nakikita ang babae. Naglakad-lakad siya sa building ng *School of Business*, nagbabaka-sakaling makakasalubong ang babae, pero wala talaga.

“Hi, Monjour,” pa-cute ng isang babaeng kilalang niya sa mukha pero hindi sa pangalan. Parang kaklase niya ito sa isang subject.

He turned on the charm. Nginitian niya ito. “Hello, beautiful.”

Nakita niyang binigyan siya nito ng nang-aakit na tingin. Bakit ganoon ang ibang babae, ang rupok

at ang bilis pa-inlabin? Bakit iyong Ara na iyon na hindi naman kagandahan ay parang hindi man lang tinatalaban ng nag-uumapaw niyang charm?

Nakapagtataka talaga.

Alam niyang hindi tibo si Ara. Baka bakla ito? Sa panahon ngayon, mas mukha nang babae ang mga bakla. Pero sigurado siyang babae si Ara dahil may natural itong kaseksihan at babaeng-babae ang medyo paos nitong boses...

Abala siya sa kaiisip dito nang may humarang sa dadaanan niya. Nangingkit ang mga mata ni Mon, pero agad ding nawala iyon at napalitan ng isang ngiti nang makita si Ara sa kanyang harapan.

“Buti nandito ka. Hindi na kita kailangang sadyain,” sabi nito.

“Sadyain? Hinahanap mo ’ko?” Bagay na nakapagtataka dahil sigurado siya na iniwasan siya nito.

Tumango ito. “May ibibigay kasi ako sa ’yo.”

Napakunot-noo si Monjour. “Ano naman ’yun?”

“Binili ko ’tong lahat para sa ’yo gamit iyong perang ibinigay mo sa ’kin. Nasa loob ng paper bag ang resibo.” Kinuha ng babae ang kamay niya at ipinabitbit sa kanya ang hawak nitong paper bag.



“Para saan ’to?”

“Alangan namang para sa ’kin. Para ’yan sa ’yo dahil tingin ko kailangang-kailangan mo ang mga ’yan.”

Nagdududa niya itong tinitigan bago sinilip ang laman ng paper bag. Books? Kinuha niya ang isa at binasa ang title sa cover

“*Your Ego Will Kill You?*” Salubong ang mga kilay niya habang binibigkas ang bawat kataga. Tiningnan niya pa ang title ng dalawa pang libro na nasa loob ng paper bag. *Don’t Care What You Think About Me* ang isa pa at... “*The Book of Manners?!?*” Dumagundong yata ang boses niya sa hallway.

“Oo. Hindi kita kayang bilhan ng manners kaya kahit libro man lang. Sana sa muling pagkikita natin, maging proud naman ako sa sarili ko.”

“At bakit ka naman magiging proud sa sarili mo?”

“Dahil, at least, ang walang modong katulad mo ay nabawasan ang pagiging bastos sa tulong ng mga pinili kong libro.”

Natulala si Mon at walang mahagilap na salita para ipagtanggol ang sarili.

“Nga pala, kapag natapos mo nang basahin ang mga librong iyan, puwedeng ipamana mo sa mga

katulad mo?” patuyang dagdag ng dalaga. “Sige, maiwan na kita.”

Ibang klase rin rumesbak ang babae. Maghintay lang ito dahil gagawa siya ng paraan para makaganti. Naglakad siya patungo sa kanyang locker at isiniksik doon ang paper bag na naglalaman ng mga libro.

Naisahan talaga siya ni Ara.



May gaganaping party sa unibersidad mamayang gabi para sa pagkapanalo ng *Black Panthers* sa basketball competition. Isa iyong formal ball na in-organize ng student body. Imbitado ang lahat ng nasa third year at fourth year, ang requirement lang ay naka-formal wear at magpapasa ng waiver.

Si Ara ang isa sa mga pangunahing in-charge sa okasyon. Ang alam ni Monjour ay nasa multi-purpose hall pa ang grupo ng student leaders ngayon at inihahanda ang nasabing venue para sa gaganaping event.

Tuwing naiisip ang babaeng mortal niyang kabangga, namamangha man dito ay napapalitan agad iyon ng pagkainis. Dahil sa mga bigay nitong libro ay nagsikip ang locker niya. Napilitan tuloy

siyang iuwi ang mga iyon sa bahay. Iniutos niya sa katulong na ilagay sa library. Wala siyang balak na parusahan ang sarili at basahin ang mga iyon.

Naisip niyang dumaan sa multi-purpose hall ng university bago umuwi. Baka nandoon pa si Ara.

Palabas na ito ng building nang matanawan niya. Humabol siya rito.

“Vice president ka pala ng student council?”

Parang walang narinig na nagpatuloy lamang ito sa paglalakad.

“Nagtataka ako kung bakit naging leader ang katulad mo. Ah, siguro dahil mahilig kang magbasa ng libro tungkol sa moral values kaya marunong kang makisama at ang mga uto-uto naman nating schoolmates, naniwala sa mga pakitang-tao mo.”

“Go away, a\*shole,” asik nito.

“Alam mo, kawawa ang lalaking magmamahal sa 'yo dahil ugali mo lang ang kaya niyang ipagmalaki,” pang-iinsulto ni Mon. “Look at yourself, hindi ka chicks tingnan. Ang aga-aga pa pawisan ka na. Ni hindi ka mukhang estudyante dito.” Sukat doon ay tumigil ito sa paglalakad at hinarap siya.

“Hindi ko hinihingi ang opinion mo kaya puwede ba, manahimik ka na lang? At saka,

teka lang. Bakit ba galit na galit ka sa hitsura ko samantalang wala namang masamang ginagawa ang mukha ko sa 'yo? Kung pangit man ako sa paningin ng iba o sa mismong paningin mo, wala akong pakialam. Hindi ko inutos na humarap ka sa 'kin at sirain mo ang buong araw ko. Mukhang hindi mo binasa ang mga binigay kong libro kasi hindi pa rin nagbabago ang kagaspangan ng ugali mo.”

Hindi siya nakakibo sa haba ng sinabi ni Ara. Nabadtrip niya yatang talaga ang babae dahil ngayon lang niya nakitang nagalit ito samantalang simula pa lang ay inookray na niya ito. Imbes na makaramdam ng tagumpay dahil sa wakas ay nagawa rin niyang galitin si Ara, ay na-guilty si Monjour.

Gusto niyang habulin ang dalaga at humingi ng pasensya sa inasal niya. Pero mukhang nakaalis na ito.



Monjour was wearing a navy blue suit for the ball. He paired it with a white shirt and a long tie.

Nakasalubong niya ang kanyang team mate na si Gerald na may kasamang chikababes na sobrang sweet. Nakakakapit ito sa braso ng kaibigan.

“Hey, Captain,” masiglang bati ni Gerald na parang may hinahanap ang mga mata. “Wala ka yatang date? Himala, ito yata ang first time kong nakita kang walang bitbit sa ganitong klaseng event.”

Bahagya siyang tumawa sa sinabi nito. “Para maiba.”

Totoo na ngayon lang siya walang date. He didn’t want to bring anyone. Naisip niya kasi na mas maiging wala siyang isama sa party na ito. Walang hassle at wala siyang ibang aalalahanin kundi ang sarili niya lang. Kaya mas pinili niyang dumating na solo kahit na ang daming nagpaparamdam na willing siyang samahan bilang ka-date niya sa gabing ito.

Nagpaalam na si Gerald at tinanguan niya ito. Alam niya kung saan ang hantungan nito at ng babaeng ka-date—sa kama ng kaibigan.

Naglakad si Monjour patungo sa gitna ng bulwagan. Hindi para sumayaw kundi para may hanapin.

Tumigil siya sa puwesto kung saan mas mapapadali ang gagawin niyang paghahanap. Inikot niya ang tingin sa paligid.

Natanawan niya si Ara na nakangiti sa kausap

nitong lalaki at babae. She looked so beautiful in her red sleeveless cocktail dress. Perpekto ang bawat kurba sa katawan nito. Hindi niya alam kung may ka-date ba ang babae, pero kahit pa mayroon ay wala siyang pakialam. Ito ang gusto niyang ka-date.

Aaminin na ni Mon sa sarili na iyon ang totoong dahilan kaya hindi siya nag-aya ng iba. Si Ara ang gusto niyang makasama sa gabing ito. Naglakad siya palapit dito. Nang makarating siya sa tabi nito ay nakita niya ang bahagyang pagkagulat ng babae.

In-excuse niya si Ara sa mga kausap nito bago ito tinanong. “Puwede ba kitang isayaw?”

Nakatingala pa rin ito sa kanya at bahagyang nakanganga. Bago pa ito nakasagot ay hinihila na niya ito papunta sa dance floor.

Saka lang tila natauhan ang babae at parang balak tumakas.

“Ano ba!” Tama lang ang lakas ng boses nito para marinig niya, pero halatang galit iyon. Nagpupumiglas ito sa hawak niya.

Inilapit niya ang bibig sa tainga nito. “I want to make it up to you. Gusto kong mag-sorry sa ginawa ko kaninang umaga. Please say you forgive me.”

Hindi ito umimik, pero tumigil sa pagpiglas.

“Okay. I forgive you. Hindi natin kailangang magsayaw. Bitiwan mo na ’ko.”

“Huwag ka na ngang choosy d’yan. Buti nga ikaw ang pinili ko sa dami ng mga babae nagkakandarapang maisayaw ko,” aniya at nakitang pinaikot nito ang mga mata.

Sa huli ay natawa ito at naramdaman niyang nawala ang tension sa katawan ng dalaga. “Hay, naku! Bakit ko ba naisip na nagbago ka na? Madali akong kausap, Mr. Maniquis. Bitiwan mo ’ko at do’n ka sa mga babaeng nagkakandarapa sa ’yo. Dali!”

“Ayaw. Ikaw ang gusto ko. At since mukhang wala kang date, ako na lang ang date mo.”

Hindi ito sumagot at nakumpirma niyang wala nga itong ka-partner nang gabing iyon.

“Umalis na tayo dito sa dance floor,” sabi nito, nakatingala sa kanya, pagkatapos ay tumingin sa paligid na parang inaalam kung may nanonood sa kanila.

“Paano ka naging vice president ng student council, napakamahiyain mo pala?” banat ni Mon. Hindi na siguro mawawala ang pang-aasar niya sa babae. Iyon na ang magiging normal sa kanila.

“FYI, hindi ako mahiyain, nakakahiya lang

talagang kasama ka. Kasi nga, kahit manners wala ka,” balik nito.

Sa halip na maasar ay natawa na lang siya sa kaprangkahan nito.

“Thank you for the compliment.” Hinapit niya ito sa baywang at narinig na napasinghap ang dalaga. Parang kaya niyang dangkalin ang baywang nito sa sobrang liit. She was so slender and, contrary to what he initially thought, just the right size for him. Her boobs were round and firm, her hips curvy, and her butt heart-shaped.

“Puwede ba, luwagan mo ang pagkakahawak sa ’kin?” reklamo nito.

“Gusto kong higpitan dahil ayokong pakawalan ka.” *Saan nanggaling iyon?* tanong ni Monjour sa sarili.

Pero parang hindi naman iyon binigyan ni Ara ng ibang kahulugan. Baka iniisip ng dalaga na binibiro lang niya ito.

“Yuck! Naalala ko tuloy kung sa’n mo inihawak ’yang...” Ibinitin nito ang sasabihin sana.

Natawa na lang siya ulit at napailing pagkatapos. “Ibang klase ka talaga.”

Saka lang niya naramdaman ang mga matang nakatitig sa kanila. Masyado yatang napalakas ang



pagtawa niya.

Pagkatapos ng isa pang tugtog ay sinabi ni Ara na nauuhaw ito at iginiya niya ang dalaga papunta sa isang bakanteng highboy table. Sadyang walang upuan kaya nakatayo ang lahat.

Na-realize ni Monjour na masaya siya kapag nasa tabi niya si Ara kaya nang magpaalam itong uuwi na ay hindi siya pumayag. Hindi siya nabobore pag magkasama sila, magaan ang loob niya, at natatawa siya sa mga hirit pati na sa mga panlalait nito sa kanya. Hindi ito nakakailang kasama at hindi niya kailangang magpanggap kapag kasama ito.

Kumuha siya ng maiinom mula sa waiter na dumaan. Bottled water ang hiningi ni Ara. Nang magtanong siya sa waiter kung may beer ay sinabi ng dalaga na hindi pumayag ang school administration na mag-serve ng alcoholic drinks sa mga estudyante kahit na nga ba may mga willing mag-sponsor niyon. Ang alam ni Monjour, isa ang papa niya sa mga nag-fund para matuloy ang party na ito. Tubig na rin lang ang kinuha niya.

Kasasabi lang ulit ni Ara sa kanya na gusto na nitong umuwi nang may lalaking lumapit sa mesa nila.

“Yan ba ang ipinalit mo sa ’kin, Ara?” matigas na tanong ng bagong dating. “Paano ka nakasisigurado na ikaw lang ang nag-iisang babae sa buhay niya? Hindi mo lang alam kung ilan kayong pinagsasabay ng lalaking iyan.”

“Wala kang pakialam kung sinoman ang ipalit ko sa ’yo, Greg. Matagal na tayong hiwalay kaya puwede ba, tantanan mo na ako.” Pinakiusapan ni Ara ang mga kasama ni Greg na ihatid na ang lalaki pauwi.

“Tandaan mo ’to, Ara, basketball player ang lalaking ’yan. Kapag pinaiyak ka niyan, magsisisi ka na hindi ka bumalik sa ’kin.” Iyon lang at umalis na ito kasama ang mga barkadang umaawat dito.

Hindi na sinagot ni Monjour ang lalaki dahil mukhang nakainom ito at ayaw na niyang humaba pa ang usapan kahit na nga ba hindi niya gustong pinag-uusapan siya na parang wala siya roon.

Napatingin siya sa mukha ni Ara pagkaalis ng lalaki at parang gusto niyang manapak dahil tila maiiyak ang dalaga. Apektado pa rin ba ito sa gagong iyon?

“Sino ’yon?” usisa ni Mon kahit may pakiramdam na siya na iyon si Greg na ex-boyfriend nito.

“W-wala,” sagot nito at umiling. “Kailangan ko na talagang umalis. Baka kasi bumalik pa ’yun at masira pa itong party para sa inyo. Maiwan na kita rito. Salamat sa oras.”

Hinawakan niya ang kamay ng dalaga. “Thahatid na kita.” Hinila niya ito palabas ng venue.

Nasa loob na sila ng kotse niya ay wala pa ring imik si Ara. Nabibingi na siya sa sobrang katahimikan kaya ibinuka niya ang bibig para magsalita, pero naunahan siya nito.

“Thatid mo na lang ako sa *Baywalk*,” sabi nito. “Gusto ko lang magpahangin. Ako na ang bahalang umuwi mula do’n.” Nakatingin ito sa labas ng bintana.

Agad niyang minaniobra ang sasakyan patungo sa nasabing lugar. Hindi siya naniniwala sa coincidence, pero doon siya laging tumatambay kapag gusto niyang mag-isip. Itinigil niya ang sasakyan kung saan tanaw nila ang dagat. He pressed and held a button in the car to open the convertible roof.

Binalingan niya si Ara pagkatapos.

“Hindi ka pa ba aalis?” tanong nito.

“Di ba sabi ko ihahatid kita pauwi?” balik niya.

“Salamat,” tipid nitong sabi.

Sa unang pagkakataon ay naging napakasarap sa pandinig niya ng salitang iyon.

“Walang anuman,” aniya. “Kung gusto mong umiyak, sige lang. Hindi kita pakikialaman.”

Bahagya itong natawa at nakaramdam siya ng tuwa dahil parang totoong nakalimutan na nito ang kung anumang pinoproblema kanina.

“Nangako ako sa sarili ko na hindi ko na siya iiyakan. Pag tapos na ang isang bagay, tapos na iyon. Kahit isang buong dagat pa ang iluha mo, di na iyon babalik sa dati.” Bumuntong-hininga ito at tumingin sa kalangitan. Parang binibilang nito ang mga bituin.

“Pero sino ba ang lalaking iyon?” Hindi siya chismoso, pero ewan niya kung bakit gusto niyang makasiguro kung tama ba ang hinala niya na si Greg iyong lumapit sa kanila kanina.

Umayos ito ng upo at bumaling sa kanya. “Siya ’yung ex ko. ’Yung dahilan kung bakit kita napasok habang...” Hindi na nito itinuloy ang kasunod dahil natawa na ito. “Sorry, sorry. Hindi ko talaga sinasadya. Sobrang aligaga ko kasi dahil hinahabol ako ni Greg, hindi ko na napansin na sa panlalaking CR pala ako napapunta. Mas na-shock yata ako sa ’yo kesa sa pagkakita ko sa ex ko.” At natawa ito

nang malakas.

“Hey, masturbating is normal,” sabi ni Monjour.

“Pero ang hindi normal ay ’yung hindi mo paglock sa pinto at ’yung napili mong lugar. Bilib ako sa tapang ng loob mo, ha.” Nang-aasar ang tono nito.

“Kanya-kanyang trip lang ’yan,” sagot niya. “Mabalik tayo sa ex mo, hindi ba siya delikado? I mean, baka potential stalker na ’yan at kailangan mo nang i-report sa school o sa pulis.”

“Ikaw nga ang gusto kong i-report sa university dahil sa pambu-bully mo sa ’kin,” sagot ni Ara at nagtawanan sila. Mayamaya ay sumeryoso ito. “Si Greg, mabait naman siya at sigurado akong hindi niya ako gagawan ng masama. Hindi lang ako komportable pag naiwan kami na kami lang. Ang awkward lang.”

“Bakit hindi mo na lang kausapin nang maayos?”

“Ginawa ko na ’yon. Maraming beses na. Alam mo, si Greg yata ang pinakamatalinong tao na kilala ko, pero siya rin ang pinakamahinang umintindi kung bakit ako nakipag-break sa kanya.” Umiling ito na parang nanggigigil.

“Bakit ka nga ba nakipaghiwalay doon sa

tao? Nananakit ba siya? I mean, physically?” Nakaramdam siya ng pag-aalala.

“No. Pero nasaktan pa rin niya ako. Nakipaghiwalay ako sa kanya dahil paulit-ulit niya akong sinasaktan. Kanina, n’ong sinabi niyang marami kang babae, gusto kong matawa. Kasi baka nga mas marami pa siyang babae kaysa sa ’yo. At least, ikaw expected na. Playboy ka talaga. Eh, siya? Tagong playboy, gan’n?” Natawa ito nang pagak.

“So wala nang chance na magkabalikan kayo?”

Nagkibit-balikat ito. “I don’t know. Pero sa ngayon, gusto ko na lang siyang kalimutan. Tingin ko din kaya lang niya gustong makipagbalikan ay dahil naapakan ko ang ego niya. Hindi niya matanggap na ang di-kagandahang tulad ko ay makikipag-break sa campus crush na tulad niya.” Umismid ang dalaga.

Puwede rin na talagang gusto ng Greg na iyon si Ara, pero hindi siya nagkomento tungkol doon.

Inakbayan na lang niya ang dalaga. “Well, mula ngayon gusto kong malaman mo na nandito lang ako at handang makinig—”

“Eww, don’t touch me. Okay na sa ’kin na nand’yan ka at handang makinig. Pero ’yung chachansing ka pa talaga ay ibang usapan na,”

---

angal ng babae.

Agad niyang binawi ang brasong nakaakbay sa balikat nito. “Ang arte mo, para namang may mawawala sa ’yo kapag inakbayan kita.”

“Alam mo, Monjour Maniquis, kilalang-kilala ko na ’yang karakas mo kaya ‘don’t me,’ okay?”

Natawa na lang siya sa sinabi nito at tumango. “Okay, okay,” aniya na tila sumusuko sa laban.

“Good.”

## 2

“**S**aan ka ba pupunta, Kuya?” tanong ni Monjover sa kanya nang makita ang mga bagahe niya sa opisina.

“Sa Cebu, kaya ikaw muna ang bahala dito sa opisina.” Pinipirmahan lang niya ang mga iniwang dokumento ng secretary niya at paalis na siya.

“Cebu? Ano naman ang gagawin mo do’n?”

“Basta! May aasikasuhin muna ako. Itawag mo agad sa ’kin kung may problema.”

“Babae ba ’yan?” tanong nito.

“Wala ka na do’n,” sagot niya.

Kailangan niyang pumunta ng Cebu dahil gusto niyang matiyak na hindi na ginugulo si Ara ng mga pinagkakautangan nito. Mas tamang sabihing



dating pinagkakautangan. Binayaran niya kasi ang mga taong nanggigipit dito. Tinawagan niya ang kaibigang abogado na taga-Cebu at nakiusap na ito ang mag-ayos ng transaction. Samakatwid ay siya na ngayon ang pinagkakautangan ng babae.

“Si Ara ba ’yan? Balita ko matagal mo na siyang ipinapanahap. Bakit? Gusto mo na bang mag-asawa?”

Saan at kanino kaya nito nabalitaan iyon? “Kung ako sa ’yo, ang asikasuhin mo ay ’yung asawa mo.”

Natahimik ito. Kapag si Joss na ang pinaguusapan, bigla na lang magsasawalang-kibo itong bunsong kapatid niya.

“Ayaw na niya sa ’kin.”

“Siraulo ka kasi kaya ka niya iniwan,” aniya.

“Wow! Sumunod lang ako sa yapak mo, big brother.”

“Bata pa ako no’n at immature. Nagpadala ako sa sulsol ng barkada. Napakayabang ko. Kung maibabalik ko lang ang panahon, hinding-hindi ko siya sasaktan nang ganoon.” Napabuntong-hininga siya. Hindi niya alam kung maniniwala pa si Ara na hinding-hindi na niya uulitin ang mga nagawang pagkakamali rito, bigyan lang siya nito ng isa pang

pagkakataon.

Hanggang ngayon ay nagsisisi pa rin siya na nawala ito sa kanya. Alam niyang ito lang at wala nang iba ang kukumpleto sa pagkatao niya at sa buhay niya. Pero napagod na ito sa pagpapatawad sa mga kagaguhan niya at tuluyang lumayo.



Mula noong nakasama niya si Ara sa *Baywalk* at naglabas ito sa kanya ng problema ay naging close na sila. Kapag nagkakasalubong sila ay hindi na sila nagbabangayan.

“Hoy, Monjour, gutom na ako! Libre mo naman ako,” bungad nito.

“Wow! Magaling, nakahanap ka pa ngayon ng financer na sasagot sa pang-araw-araw mong panglamon,” kunwa’y sumbat niya.

Bumunghalit ito ng tawa. “Sus! Masanay ka na,” sabi nito saka siya hinawakan sa braso gamit ang dalawang kamay nito at hinila siya sa direksyon ng cafeteria. “Tulad ng dati, ha?”

“Naku, Ara! Minsan nagsisisi ako kung bakit pa tayo naging close.” Hindi naman talaga siya pumapayag na magpalibre rito kahit minsan ay nag-o-offer ang dalaga, lalo na pag bagong suweldo ito sa part-time job nito.

“Huwag ka nang umangal. Alam mo naman na hawak ko ang ikasisira ng reputasyon mo bilang team captain,” pananakot pa nito.

Tinatawanan lang niya ang bagay na iyon. Wala siyang pakialam kung ipagkalat pa nito ang kaadikan niya. O siguro kampante siya dahil alam niyang hindi iyon gagawin ni Ara.

Inorder niya ang paborito nitong lasagna na gawa ni Aling Bebang. Ang pinagtataka niya, araw-araw iyong kinakain ng babae, pero parang hindi man lang ito nagsasawa sa lasa.

“Thank you, Pogs.” Short daw iyon for pogi ayon dito.

“Welcome, Nget.” Short for pangit.

Pogs daw ang itatawag nito sa kanya dahil poging-pogi raw siya sa kanyang sarili. Pangit ang tawag niya rito dahil iyon na ang kanyang nakasanayan.

“Kumusta ang duties mo sa student council, kaya pa?” tanong niya.

“Ayos lang, nakakagutom.” Nagsasalita ito habang ngumunguya.

Napakakomportable nila sa isa’t isa at masasabi niyang wala siyang itinatago rito na kakaibang ugali. Kumbaga, hindi niya naiisip na magpa-

impress dito.

“Halata nga. Kasalanan mo, pabise-bise ka pa rito,” aniya.

“Pakialamero ka talaga, 'no! Nangingialam ba 'ko sa 'yo na dinajakol mo 'yong ano mo?” Mahina lang naman boses ni Ara, pero hindi niya maiwasang hindi tubuan ng hiya lalo na at maraming tao sa paligid.

“Oo na! Manahimik ka na, 'ayan ka na naman, eh.”

“Kinaklaro ko lang. Prends na rin naman tayo kaya walang dibdiban, Pogs. May likod ka pa,” nakangiting sabi nito at tinapik ang likod niya.

Napangiti na lang din siya.

May ugali si Ara na tila wala talaga itong pakialam sa iisipin ng iba. Sabagay, ano nga ba ang halaga ng opinion ng iba? Ang importante ay masaya silang nabubuhay sa mundo at wala silang inaapakang tao.



*Valentine's Day.* May kani-kanilang pakulo ang bawat student club at organization para sa nasabing okasyon. May photo booth, may heart-decorating contest, may flowers and chocolates courier, at ang pinakanakakuha ng kanyang pansin—ang

---

marriage/jail booth.

Napangiti si Ara nang may mag-abot sa kanya ng pamphlet tungkol sa booth na para sa kasal-kasalan. In-explain din sa kanya ang mechanics. Kung totoong mag-jowa ang gustong *magpakasal*, kailangan nilang magbayad ng one hundred pesos para sa marriage license. May mga kidnappers din na puwedeng i-hire para kidnapin ang isang tao o isang pares na gustong ipakasal ng kahit sino. Fifty to one hundred pesos ang babayaran ng mastermind/s para sa ganitong case. Fifty kung isang tao lang at one hundred kung isang pares. Mas marami raw ang nagpapa-kidnap ng isang tao lang at pinagsa-suffer ang mga ito ng solo wedding.

Kung ipapa-kidnap naman ng groom o ng bride ang gusto niyang pakasalan, doble ang kailangan nitong bayaran para sa kasal-kasalan. At walang kasiguruhan na matutuloy ang kasal dahil puwedeng sumagot ng 'no' ang bride o ang groom. Iyon nga lang, ang sasagot ng no ay kailangang magbayad ng *piyansa* para makalabas. Nagiging jail booth daw kasi ang marriage booth pag hindi natuloy ang kasal.

Natatawa na lang siya sa kalokohan ng *Social Science Club*. Pero mukhang marami nang kita ang

mga ito. Puwede ang same sex marriage. Pagdating sa part na 'you may kiss your bride/groom,' kailangan ay consensual. Hindi puwedeng labag sa loob ng isa sa magkapareha ang gagawing paghalik. At hindi rin obligadong sa lips. Puwedeng sa pisngi o sa noo.

Aalis na dapat si Monjour sa tapat ng booth nang may magposas sa kanya. Member din ito ng basketball team, si Darius.

“Captain, pasensya na, napag-utusan lang. May nag-request kasi na magpakasal ka today. Naghihintay na ang bride mo,” nakangiting sabi ng *kidnapper*.

“Sino?”

“Secret lang muna,” pa-suspense nitong sagot. Nagpaalam ito na pipiringan ang kanyang mga mata.

Tumango siya. “Okay.”

“Captain, may iaabot ako sa 'yong ribbon. Itatali mo sa daliri ng bride sa halip na singsing.” Inilagay nito ang ribbon sa palad niya at ikinuyom niya ang kamay roon.

“Teka, bride ba talaga 'yang papakasalan ko? Baka naman groom 'yan.” Tumawa lang ito. Namalayan niyang inalalayan siya nito at ng isa

pang tao sa paglalakad.

Huminto sila sa paglalakad at tinanggalan siya ng posas.

“Okay, handa na ba kayong dalawa? Sige, bibilang kami hanggang tatlo at makikita n’yo na ang inyong future destiny,” excited na sabi ng isang di pamilyar na boses. “One, two... three!”

Tinanggal ang piring sa kanyang mga mata.

Dahan-dahan niyang iminulat iyon at napangiti nang matunghayan si Ara.

“Ano ba naman ’yan? Bakit ikaw pa, Pogs?” reklamo nito.

“Hindi ko nga din akalain na ikaw, Nget,” natatawa niyang sagot. “Hindi naman siguro ikaw ang nagpa-kidnap sa akin?”

She was wearing a tiara and a white transparent veil that cascaded like a waterfall down her back. Napansin niya iyon nang umikot ang babae kanina. Kung may contest, panalo na sa pa-costume at props ang organizers ng marriage booth.

“Ako?” Tumawa si Ara nang pauyam. “May taste ako, Pogs. At tapos na ako sa babaero. Hindi ako magpapakasal sa playboy na gaya mo kung may choice din lang.” Tumingin ang dalaga sa kumpol ng mga officers ng *Social Science Club*. “Sino’ng

may pakana nito?”

“Sorry, Vice Ara, confidential,” sagot ng babaeng nag-abot sa kanya ng pamphlet kanina.

“Naku! Sa dinami-dami ng lalaki, bakit si Monjour pa? Akala ko pa naman Prince Charming talaga ang masisilayan ko pagkatanggal ng blindfold,” patuloy na reklamo nito.

“Wow, lugi ka pa ba sa ’kin?”

“Oo, slight.” Nagtawanan ang nakikinig sa kanila.

“Hala, bago pa kayo magkapikunan ay ikakasal ko na kayo,” sabi ng lalaking mukhang marriage celebrant base sa attire nito.

“Ayusin mo, Jed, kung di ipapasara ko itong booth ninyo bago pa ako maikasal dito,” banta ni Ara na tinawanan lang ng lalaki at ng mga ka-org nito.

Humiling ang marriage celebrant ng katahimikan pagkatapos ay nag-preach ito sandali. May kodigo itong binabasa.

“Proverbs 28:20 says that a faithful man is rich with blessings. We should always be faithful to God. Being faithful also means being devoted to your spouse that he or she can trust you even if you’re away from each other...”



Ang sunod na parte ay ang exchange of vows. Dahil hindi sila tunay na magkasintahan, wala silang nakahandang vows. Alam iyon ni Jed kaya sinabihan nito si Monjour na sumunod sa sasabihin nito.

“Arabelle, I now take you to be my wedded wife, to live together after God’s ordinance in the holy relationship of marriage. I promise to love and comfort you, honor and keep you, and forsaking all others, I will be yours alone as long as we both shall live.”

Buong panahong sinasabi iyon ni Monjour ay napakaingay ng mga nasa paligid. Halos hindi niya marinig ang sarili. Umuugong ang kanyang pandinig. Hindi niya alam kung dahil sa hiyawan ng mga nanonood sa kanila o dahil lumakas ang tibok ng puso niya.

Ipinaulit ni Jed ang traditional vows kay Ara.

“Now, you’ll be tying the red ribbon to your spouse’s left ring finger.”

Si Monjour ang unang magtatali ng ribbon sa daliri ni Ara. Muli ay sinusundan lang niya ang pinagsasabi ni Jed.

“Arabelle, I give you this as a symbol of my love and faithfulness. As I tie this red ribbon around

your finger, I commit my heart and soul to you. I ask you to wear this as a reminder of the vows we have spoken today, our wedding day.”

Itinuro ni Jed kay Ara ang isasagot nito.

“I will wear it gladly. I will always remember this joyous day and the vows we made.”

Nang si Ara na ang magtatali ng ribbon sa daliri niya, naramdaman niyang nanlalamig ang kamay nito at medyo nanginginig ang mga iyon na medyo nahirapan itong itali ang ribbon. Parang ayaw siya nitong hawakan.

He could barely hear her voice when she repeated Jed’s words.

“Monjour, I tie this ribbon around your finger as a symbol of my promise to be with you as long as I live. May it remind you always that you are surrounded by my enduring love.”

Sa wakas ay mukhang matatapos na rin ang pagdiriwang.

“I now pronounce you as husband and wife,” Jed declared. Pero sa halip na you may kiss the bride, may pahabol pa itong sermon. “Itong booth namin ay laro-laro lang at walang personalan, pero kung hindi labag sa kalooban n’yo, you may kiss each other.”

Pareho nilang alam ni Ara iyon. Sigurado siyang nai-explain din dito ang mechanics.

“Kiss the bride! Kiss the bride!” kanyaw ng nasa paligid. May mga nagre-ready ng cell phone para kunan sila ng picture.

“Grabe sila. Seryoso?” tanong ni Ara sa kanya. Kanina niya pa napapansin na parang tahimik ito.

“Okay lang ba, Nget?” Magkaibigan sila at walang mawawala sa kanya kung hahalikan niya ito. Isa pa, bakit ba ang ganda nito ngayon sa paningin niya? Dahil ba sa suot nitong belo? Ano ba ang bago kay Ara? Imposible namang naapektuhan siya ng naging kasal-kasalan nila.

Tila nag-isip ang dalaga pagkatapos ay nagkibit-balikat ito.

“Kiss the bride!” sigaw ng schoolmates nila.

“Bahala ka,” tila balewalang sabi ni Ara.

Tinitigan niya ang dalaga at dahan-dahang ibinaba ang mukha rito. Blangko ang expression sa mukha ng babae, pero ramdam niya ang tension sa katawan nito. Parang inihahanda nito ang sarili sa paglapat ng mga labi niya sa bibig nito.

Tuluyang naglapat ang mga labi nila. Plano ni Monjour ay tatapusin niya agad ang halik sa babae. Pero parang may magnet ang mga labi ni Ara at

ayaw niyang maputol agad ang halik. Nakalimutan niya ang lahat ng tao sa paligid at parang silang dalawa na lang ang natira. Tumigil ang mundo habang sakop niya ang mga labi nito.

Hindi niya alam kung ano ang mayroon sa babae pero namamangha siyang lagi rito.

Hindi ito ang unang halik na natikman niya, pero may kakaiba sa halik nila. Marahan niyang iginalaw ang mga labi at ginaya nito ang ginawa niya.

She tasted so sweet that he felt like he could kiss her all night. Pero kumalas ang mga labi nito sa kanya at naputol ang pagpapantasya niya.

Noon bumalik ang lahat—ang maingay na hiyawan, ang palakpakan, ang kanyawan.

“May asawa ka na ngayon, Ara,” sabi ni Jed dito. “Last na. Picture tayong tatlo para may souvenir.” Pumagitna ito sa kanilang dalawa. “Bibigyan ko kayo ng kopya.”

Matapos silang magpakuha ng larawan gamit ang cell phone ni Jed ay game na nagpa-picture si Ara kasama ng ibang kaibigan nito na nag-witness sa kasal. Nakita niyang hinubad ng dalaga ang tiara at ang belo at iniabot iyon sa susunod na bride.

Hindi niya namalayang nakatitig na pala

siya sa dalaga. Bakit ba ang ganda nito ngayon sa paningin niya? Taglay nito iyong klase ng ganda na hindi agad rerehistro sa unang tingin, pero habang nagtatagal ang mga mata mo rito ay lalo itong nagiging kaakit-akit.



Hindi sigurado si Monjour kung mahal niya si Ara nang higit pa sa isang kaibigan, pero may parte ng puso niya na ayaw itong mapunta sa iba. Gusto niya itong maging parte ng buhay niya. He dreamt of kissing her soft lips again. Higit pa sa halik ang gusto niya. He desired her and he wanted them to be lovers. Hindi niya magagawa ang mga bagay na gusto niyang gawin kasama ito kung magkaibigan lang sila. Kaya niligawan niya ito. Hindi siya pinahirapan ni Ara.

Ang tanging sagot nito sa kanya ay, “*Okay. Eh, di tayo na. Hindi ko alam kung hanggang kailan tatagal ang relasyon natin. Baka umabot tayo ng one week, one month o di naman kaya ay one year?*” Tumawa ito. “*Pili ka na lang kung aling one do’n ang kontrata ko sa ’yo.*”

Sa sinabi nitong iyon, hindi alam ni Monjour kung matutuwa o maaasar. Parang sinasabi ni Ara na sigurado itong darating ang panahon na

matatapos din ang relasyon nila. Hindi ito tulad ng karamihan sa mga naka-date niya na nangangarap agad ng forever. Hindi ito clingy kapag nasa maraming tao sila, pero kapag silang dalawa lang ay napaka-sweet nito. Hindi rin ito katulad ng mga babaeng nakarelasyon niya noon na panay ang pabili ng mamahaling gamit at sa mga sosyal na restaurant at coffeeshop lang pumapayag na makipag-date.

*“Hindi mo ’ko kailangang dalhin sa sobrang mahal na resto. Itatae ko rin lang ang mga pagkaing iyan. Kahit mura, kahit street food, puwede na. At saka, ’yong mamahaling mga regalo na binibigay mo sa ’kin? Mas maiging ipunin mo na lang ang perang pinambibili mo sa mga ’yon para sa future mo. Kasi ang buhay, hindi nagtatapos dito sa araw na ito. May bukas pa at marami pang darating na bukas.”*

“Happy fourth monthsary, Pogs,” masayang bati ni Ara nang mapagbuksan niya ito ng pinto ng condo unit niya. Hinalikan siya nito sa pisngi.

“Happy four months of love, Nget,” sagot niya at inaya itong maupo sa sofa.

Tinanong ni Monjour si Ara kung gusto nitong bigyan niya ito ng susi sa condo unit niya. Hindi niya alam kung bakit hindi na lang niya basta

ibinigay iyon dito. At hindi rin niya alam kung bakit nakahinga siya nang maluwag nang tumanggi ito at sabihing mas okay iyong may privacy siya. Nagbiro pa ito na hindi pa ito ready na maabutan siyang may ginagawa gaya noong una silang magkita.

“O, di ba? Umabot tayo ng four months, nalampasan na natin ang one month na kontrata mo. Kaya asahan mo din na lalampasan natin ’yang one year na ’yan. Aabot tayo ng infinity.”

Narinig niyang umismid ang nobya. “Talaga? Bakit, gaano mo ako ka-love?”

Natahimik siya sa tanong nito. Duda pa rin ba ang babae sa pagmamahal niya? Iyon ba ang dahilan kung bakit parang hindi ito committed sa relasyon nila? Kaya ayaw nitong tanggapin ang susi sa unit niya nang ialok niya iyon...

“Joke lang ’yon, Pogs. Huwag mong masyadong seryosohin,” nakangiting sambit ng babae na halatang pilit pinapasigla ang boses.

“Bakit mo natanong ’yon, Nget?”

“W-wala naman, naisip ko lang kasi na tanungin ka kung gaano mo ako kamahal. I just realized that you’ve never told me how much you love me. Naitanong ko lang kasi... kasi ako... mahal na mahal kita sobra at masasaktan talaga ako kapag

natapos ang kontrata ng relasyon nating ito.”

He understood. Tama ang sinabi ni Ara na ni minsan ay hindi niya sinabi rito kung gaano niya ito kamahal. He was more action than words.

Pero kung magiging tapat siya sa sarili, aaminin niya na hanggang ngayon ay hindi niya pa rin alam kung gaano niya kamahal ang babae. Basta ang alam lang niya ay masaya siya kapag nasa malapit si Ara at nailalabas niya ang totoong siya kapag kasama niya ito. Komportable siya rito.

Niligawan niya ito para walang ibang lalaking aaligid-aligid dito. He knew that it was selfish of him because somebody else could have loved her better. Pero naniniwala siya sa kasabihan na natuturuan ang puso at si Ara ang klase ng babae na hindi mahirap matutunang mahal.

“Mahal kita. Liligawan ba kita kung hindi kita mahal?” Alam ni Monjour na labas sa ilong ang mga salitang iyon pero kung ikapapanatag ng loob ng girlfriend niya na marinig lagi na mahal niya ito at kung gaano niya ito kamahal ay sasanayin niya ang sariling banggitin ang mga salitang gusto nitong marinig. Ayaw niyang magduda pa ito sa kanya. “I love you more than the sun loves the sky.”

“Thank you for saying that,” she whispered.



*Even if it's not true, parang sinasabi nito.*

Hinapit niya ito palapit sa kanya at niyakap nang mahigpit. He kissed her forehead, the tip of her nose, and then her lips. Nang lumalim ang halik niya, naramdaman niyang bahagyang itinulak siya ni Ara. Hindi niya ipinagdamdam iyon. Namumula ang mukha nito nang titigan niya.

“I ordered dinner for us,” he said.

“Talaga? Nagugutom na nga ako.”

“And I bought you flowers.”

“Di ba sabi ko ipunin mo na lang ang ipinambibili mo ng bulaklak?”

Bago pa siya masermunan nito ay hinila na niya ang dalaga patungo sa dining area.



It was their second anniversary. Magdadalawang taon na mula nang mag-graduate silang pareho ni Ara sa college. Bachelor of Science in Business Administration ang course niya. Accounting and Financial Management naman ang tinapos ni Ara.

Matalino talaga ang babae dahil naparangalan ito bilang *magna cum laude*. Monjour was so proud of her.

Nagtatrabaho ito bilang accounting analyst habang siya ay ginawang career ang basketball

matapos magpapeliks-petiks nang halos isang taon.

Suwerte man ang dahilan o dahil totoong magaling siya, nakuha siya sa *Philippine Basketball Association (PBA)*. Dahil doon, nagkaiba ang oras nilang dalawa, madalas ay conflict ang schedule niya sa trabaho nito. Minsan na lang silang magkita ni Ara at mas may time siyang magsaya kasama ang mga kabarkada kaysa sa girlfriend. Kaya naghanda siya ng sorpresa ngayong second anniversary nila para makabawi rito.

“Wow! Thank you, Pogs,” tuwang sabi nito nang bigyan niya ng isang bouquet ng mga rosas. Pinapasok siya ng dalaga sa apartment nito.

Mula nang kumikita na siya ng sariling pera ay hindi na siya nile-lecture-an ni Ara tungkol sa pagtitipid. Natutuwa na ito pag binibigyan niya ng bulaklak. Napapaisip si Monjour kung dahil ba bihira na kasi siyang magbigay ng bulaklak dito at lalong bihira na silang makapag-date.

“You’re always welcome, Nget.” Hinalikan niya ito sa labi nang maisara nito ang pinto. Mariin at matagal. Ilang araw rin silang hindi nagkita dahil pareho silang abala.

“Kumusta ka na? Na-miss kita nang sobra,

Pogs.” Nakayakap pa rin ito sa kanya. Kumilos siya para kunin ang hawak nitong bouquet at ipinatong iyon sa coffee table pagkatapos ay hinila niya ang kamay ng babae para igiya ito paupo sa sofa katabi niya.

“Ayos lang naman ako. Ikaw, kumusta na ang pangit na maganda kong girlfriend?”

Ngumiti ito nang tipid. “Eto, pangit pa rin sa paningin mo.” Napansin niya na malungkot ito.

“Hindi, ah...” agad niyang tanggi. “Mabuti pa kumain na tayo. Na-miss ko na ang luto mo.” Mula nang magkatrabaho ay bumukod na si Ara sa pamilya nito dahil ma-traffic mag-commute mula sa bahay ng mga ito papuntang Alabang. Walking distance lang ang apartment mula sa pinagtatrabahuhan nitong kompanya.

Hindi siya nito sinagot, nanatili lang itong nakayakap sa kanya na parang tuko. Iniangat niya ang baba nito at tinitigan ito.

“Bakit? Hindi ka ba nakapagluto? Okay lang. Sabi ko naman sa ’yo huwag ka nang magpagod. Kung gusto mong magbihis, hihintayin kita. Kakain tayo sa labas.”

Tumitig ito sa mga mata niya saka umiling-iling. “Nagluto ako,” mahina nitong sabi.

Alam niyang may gusto itong itanong sa kanya. Sa tagal na niyang kilala si Ara ay nababasa na niya madalas ang kilos nito.

“Naisip ko lang ’yong babaeng nali-link sa ’yo. Iyong magandang model?” sa wakas ay sabi nito.

“Ah, ’yon? Wala ’yon. Kaya nga na-link lang, di ba? Hindi naman sinabi sa report na may relasyon kami,” depensa niya.

Hangga’t maaari ay ayaw niyang pag-usapan ang bagay na iyon dahil gusto niya itong makasama at pag-usapan ang tungkol sa kanila at hindi ang tungkol sa ibang tao.

“Kahit na,” bulong nito.

“Wala nga ’yon, Ara. Ganito na lang ang isipin mo, one year na naman ang nalampasan natin. Di ba masaya ’yon?” Naramdaman niyang tumango ito sa dibdib niya. Marahan niya itong itinulak, pero inabot ang isang kamay nito at hinila ito patayo. “Kumain na tayo.”

Sumama na ito sa kanya papunta sa kitchen at naghain. Mabuti na lang at hindi na ito nag-usisa pa. Ayaw niyang pag-usapan ang babaeng model na lagi niyang nakaka-date kapag lumalabas sila ng mga kabarkada dahil ayaw niyang masira ang gabi.

Sa two years na magkarelasyon sila ni Ara ay

nakakaramdam na siya ng boredom. Minsan ay parang hindi na siya masaya kapag kasama ito. Wala na ang spark at excitement. Sa madaling salita, nanlalamig na siya. Hindi niya alam kung dahil ba hanggang ngayon ay wala pang nangyayari sa pagitan nila. Ang gusto kasi ni Ara ay magpakasal muna sila bago nila gawin ang bagay na iyon.

She was so old-fashioned. At nabuburyong na si Monjour.

Nang matapos silang kumain ay nag-movie marathon sila. Nilingon niya ang babae, masyadong naka-focus ang atensyon nito sa pinapanood. Baka nga kaya siya nabo-bore ay dahil hindi pa nangyayari sa kanilang dalawa ang intimacy na tinatawag.

Hinawakan niya ang mukha ni Ara at marahan iyong hinaplos. Nilingon siya nito at dahan-dahan niyang inilapit ang mukha sa mukha nito para gawaran ito ng halik.

Gusto niyang may mangyari sa kanila ngayon. Baka iyon lang ang dahilan kaya nanlalamig siya rito. Baka kapag may namagitan na sa kanila ay magtino siya ulit at hindi na maghanap ng ibang init.

Mariin na ang ibinibigay niyang halik sa

noby, mapaghanap at nakakatupok. Wala siyang narinig na pagtutol mula kay Ara. Ipinasok niya sa loob ng bibig nito ang kanyang dila at sumubok na makipaglaro ang dila nito. Hinawakan niya ang batok nito at patuloy itong pinanggigilan. Nakapulupot sa leeg niya ang mga braso nito.

Pinutol niya ang halik at nagsalita sa gilid ng tainga nito.

“Please tell me we’re doing it tonight,” he whispered.

“Yes,” she replied.

“Do I need to protect you?” Alam niyang ayaw pa nitong magkaanak dahil patatapusin pa raw nito sa pag-aaral ang kapatid na si Ashley.

Umiling si Ara. “I’m safe.”

Napasigaw ang dalaga nang pangkuin niya ito at ipasok ito sa kuwarto. Inihiga niya ito sa kama at isa-isang inalis ang mga saplot nito habang patuloy itong hinahalikan—sa bibig, sa gilid ng leeg, sa pagitan ng dibdib.

Nagsimulang maglikot sa buong katawan nito ang mga kamay niya. He touched her soft skin while suckling the tips of her breasts alternately. Tumagal ang kanyang mga kamay sa magkabilang umbok nito, mahinang pumipisil at nagmamasaha.

Gustong-gusto niya ang init ng balat nito. Narinig niya ang mahina nitong ungol na nagpatakas sa kanyang katinuan.

Pakiramdam ni Monjour ay puputok na ang kanyang zipper sa sobrang sikip ng kanyang harapan. He was so hot for her. Pero ayaw niyang madaliin ang lahat. Dalawang taon ang hinintay niya para sa pagkakataong ito kaya talagang susulitin niya. Tinanggal niya ang kanyang sinturon at kinalas ang butones ng kanyang pantalon. Maingat niyang ibinaba ang zipper at hinubad ang pants.

Hinubad niya ang suot na T-shirt saka hinila si Ara hanggang sa nakalawit na sa gilid kama ang mga hita nito. Sinapo niya ang makinis nitong pang-upo at humagod doon. "So perfect."

Lumuhod siya sa tabi ng kama at isinampay niya pagkatapos ang mga binti ng babae sa magkabilang balikat niya.

Inilapat niya ang mga labi sa puson nito, pababa nang pababa ang mapusok na mga halik niya hanggang sa marating ng bibig niya ang talagang sadya.

He parted the lips of her sex to see her hidden beauty. She was pinkish and dewy. Tiningnan niya si Ara at nakitang nakatakip ang isang bisig sa

mga mata nito. Alam niyang nahihiya ang dalaga at bahagya siyang napangiti. He was the first man in her life and it was a gift that he would treasure forever.

Ipinasok niya ang isang daliri sa loob nito at napaliyad ito. He removed his finger and cupped her butt again with his hands. Then he started to taste her folds and continued licking her until wet heat flowed from her entrance. Ara cried out when she reached her first peak.

Lalo niya pang binilisan ang ginagawang paglalabas-masok ng dila sa pagkababae nito at nang maramdaman niyang muli itong lalabasan ay agad siyang tumayo para hubarin ang huling saplot sa katawan.

Inayos niya ang puwesto ni Ara sa kama at pumaibabaw siya rito pagkatapos ay itinutok sa lagusan nito ang kanyang matigas na kargada. She was the first woman that he'd be taking without a condom. Kailangan niyang rendahan ang sarili dahil baka masaktan niya ito sa sobrang kasabikan niya.

Umulos si Mon nang dahan-dahan at nakitang rumehistro sa mukha nito ang sakit. Napakasikip nito. He tried a few more inches.



“Ahh...” daing ng kaniig.

He withdrew from her and she opened her eyes. Parang maiiyak ito. “I don’t want to hurt you, hon,” he said. “We can do this some other time...”

Inihawak nito ang mga kamay sa magkabilang balikat niya. “Please continue. Kaya ko ang sakit. Kakayanin ko para sa ’yo,” sabi nito.

Kinuha niya ang isang kamay ni Ara at dinala iyon sa kanyang nanggagalaiting manoy. Tinuruan niya ito kung paano siya hawakan.

“It’s as big as the first time I saw it,” she said softly, stroking him up and down.

Agad niyang inalis ang kamay nitong nakapalibot sa kargada niya at mariing umulos sa dalaga.

It felt so good and he groaned. But she was so tight. Alam niyang nasasaktan ito kahit di ito nagrereklamo. She was writhing beneath him.

Hinalikan niya si Ara at ipinasok ang dila sa loob ng bibig nito. Then, he slid deeper. Nakailang tulak pa siya bago tuluyang nakapasok sa pinakaloob nito. Nakadama si Monjour ng tagumpay sa kabila ng kaunting sakit na likha ng pagbaon ng mga kuko ni Ara sa kanyang likod.

“You’re so hot,” he rasped. He pumped into

her. Tumutunog ang kama dahil tumatama ang headboard sa dingding. Inilagay niya ang isang kamay sa gitna nila at marahang humagod sa pagitan ng mga hita ni Ara.

Muli nitong naabot ang sukduhan. Binagalan niya ang pagsalya at pagbunot, pinatatagal ang sarap na nararamdaman nito.

“Hindi ko na kaya, Jour...” iyak nito.

Ibinaon niya nang sagad ang sarili kay Ara at hinayaang pigain ng nagsisikip na kalamnan ng pagkababae nito ang kanyang kargada. Nangatal siya kasabay ng isang malakas na ungol nang sumabog ang katas niya sa loob ng dalaga. Nang medyo makabawi ay umalis siya sa ibabaw ni Ara at gumulong pahiga sa tabi ng babae. Mayamaya ay inayos nito ang mga unan sa ulunan nila at iniladlad ang isang nakatuping kumot sa ibabaw ng magkatabi nilang mga katawan.

Hindi namalayan ni Monjour na nakatulog na pala siya.



He was dreaming. Nananaginip siya na hawak ni Ara ang kargada niya at hinahagod siya nito. Nahigit ni Monjour ang hininga.

She moved her tongue up and down his hard

shaft, licking it like it was her favorite ice cream. She rubbed the pad of her thumb over the head and closed her hand around his erection, gently stroking him up and down. Gusto niyang ibaon ang sarili sa ari nito, pero gusto rin niya ang ginagawa ni Ara.

Napaungol siya nang ipaloob ng dalaga ang ulo ng pagkalalaki niya sa bibig nito. Di-sinasadyang napaulos siya at tuluyang nagising sa sarap ng panaginip niya.

Na hindi pala panaginip. Totoong nasa bibig ni Ara ang kargada niya.

Hindi niya alam na magaling pala sa subuan ang girlfriend niya. Okay, so her moves were untutored and simple, but she gave him pleasure nonetheless. She had him in her mouth. Iyong parte na kaya nito.

Now she was laving him, then sucking the head. Napahawak siya sa buhok ng dalaga. Hindi pa ito handa sa gusto niyang gawin, ang umulos nang malalim sa bibig nito at hilahin ang sarili palabas, nang paulit-ulit.

He growled and held her by the arms. Pagkatapos ay isinaklang niya ito sa mga hita niya. Mabuti naman at hubo't hubad pa rin ito tulad niya. Ipinosisyon niya ang galit na galit niyang

ari sa puerta nito at sabay silang napaungol nang lubusan niyang maipasok ang sarili rito.

“Are you sore?” tanong niya nang mapakagat-labi ito.

“I’m fine,” she gasped. At tila para patunayan iyon, bahagya itong gumalaw sa ibabaw niya.

“You’re still so tight.” Hindi iyon reklamo.

And she was so wet. Nakatitig siya sa nakapikit nitong mga mata at sa kagat nitong labi. Bumaba ang tingin niya sa umaalog nitong dibdib at sa kulay rosas nitong nipples. Itinaas niya ang ulo at sinakop ng bibig niya ang isang umbok at sinipsip iyon. Naramdaman niyang bumaha ang init nito sa palibot ng kahandaan niya.

Hinawakan niya ito sa baywang at inilipat ang bibig niya sa kabilang dibdib nito. Nagkuyom ang kalamnan ng ari nito sa puno ng pagkalalaki niya at napaungol si Monjour.

Itinaas-baba niya ang pang-ibabang katawan at naglabas-masok sa kalambutan nito.

“I’m cumming, Ara,” libog na libog niyang sambit habang humahalinghing ito sa sarap.

Hinalikan niya si Ara sa sentido nang bumagsak ang nanlalata nitong katawan sa ibabaw niya.

Hindi ito makatingin sa kanya pagkatapos. He

liked it that she was a little shy about them being intimate after being so wild in bed. Nakatagilid ito ng higa patalikod sa kanya. Tumagilid siya at kinabig ito palapit sa kanyang dibdib saka inayos ang kumot sa ibabaw nila.

Itinuon niya ang ulo sa isang kamay at pinagmasdan ang nakapikit na girlfriend. Napakaganda ng dalaga, mamula-mula ang pisngi dala ng katatapos lang nilang pagtatalik. Hinalikan niya ito sa balikat.

Lumukso ang puso niya nang magsalita si Ara nang hindi iminumulat ang mga mata. Buong akala niya ay tulog na ito.

“Ibinigay ko na ang lahat sa ’yo, Pogs. Sana naman magbago ka na at huwag nang maghanap ng iba,” mahinang hiling nito.

He couldn’t speak. Napahiga siya sa tabi nito at napatingin sa kisame.

Mukhang kahit hindi siya umamin at hindi pa siya nahuhuli sa akto ay alam ni Ara ang mga kalokohan at pagtataksil niya. Kung bakit tila nagbubulag-bulagan ito at nagbibingi-bingihan sa mga kagaguhan niya ay hindi niya alam. Posible kayanganoon siya kamahalng dalaga? Natatandaan niya kung paanong hindi nito nagawang balikan

si Greg pagkatapos makipaghiwalay sa palikero nitong ex-boyfriend. Handa ba siyang mawala si Ara sa kanya dahil sa pansamantalang kaligayahan sa piling ng iba?

Ang tanging sigurado ni Monjour, sa ngayon ay hindi pa niya kayang mangako. He didn't want to lose Ara. Ngayon pa na natuklasan niyang kaya nitong tapatan ang init niya sa kama.

Pero sa kabilang banda, napakabata niya pa. And there were so many women out there who liked to play. He wanted to explore more. Hindi pa talaga siya sigurado sa nararamdaman niya. Hindi niya alam kung kailan siya magiging sigurado.

“I love you, Nget,” tanging sagot niya.

Muli siyang tumagilid at niyakap ito nang mahigpit.

*Please give me time*, pipi niyang hiling.

Hindi man niya alam kung gaano katagal ang time na hinihingi niya, umaasa siyang mahihintay siya ni Ara hanggang sa matiyak niya ang damdamin para rito.

# 3

**K**alalapag lang ng eroplano sa *Mactan-Cebu International Airport*. Mula roon ay bibiyahe si Mon nang isang oras mahigit patungong Carcar dahil ayon sa address na ibinigay ng private eye na si Samuel ay naroon si Ara. Nang mauso ang social media ay sinubukan niyang hanapin ang dating girlfriend sa pamamagitan niyon, pero talagang parang naglaho ito.

Iniisip niyang mabibigla si Ara pag basta-basta na lang siya nagpakita rito kaya pinaghahandaan niya ang kanilang muling pagkikita. Ang gusto niya ay iyong hindi ito aalis o makakatakas, iyong haharapin siya nito kahit malaki ang posibilidad na ayaw nitong gawin iyon.

Monjour tried to forget her so he bedded a lot of women since Ara left him. Hanggang sa magsawa na siya. At napatunayan niyang walang katulad si Ara.

Ara completed his life. Hindi nga lang niya iyon nakita noong panahong nasa piling niya ito. Lahat naman yata ng tao ay tanga pagdating sa pag-ibig.



It had been three months since Ara gave him her virginity. Pero walang nagbago. Abala pa rin siya sa paglalaro ng basketball at sa pakikipag-party kasama ang barkada. At sa pambababae.

Mas wala na siyang time kay Ara. Pag nagtatanong ito ay, “Busy sa practice,” ang laging sagot niya.

Alam niyang pilit siya nitong iniintindi kahit masama ang loob nito. Ramdam na rin niya ang pagdududa ni Ara, pero kapag magkasama sila ay wala itong imik at walang reklamo.

Ang lagi lang nitong sinasabi ay sana huwag siyang gagawa ng bagay na ikasisira ng relasyon nila.

Ang totoo ay nagtataka si Monjour kung bakit hindi pa ito nakikipaghiwalay sa kanya. Sigurado siyang marami itong naririnig mula sa teammate



niyang si Richard na una nitong naging kaibigan kaysa sa kanya. Kasama niya ang lalaki sa *PBA*. At sigurado siyang puro hindi magagandang bagay ang ibinibida nito sa girlfriend niya. Minsan ay nakakaramdam din siya ng pag-aalala. Paano nga kung hiwalayan siya ni Ara? How would he take it? Napapaisip din siya kung ready na ba siyang pakawalan ito kaya patuloy siyang nagluluko.

“Mga p’re, labas tayo,” aya ni Carlo sa kanila. “Seve, sama mo ’yong hot chicks na dinala mo para kay Monjour. Gusto na kasi ng commitment n’ung Honey na madalas niyang kasama. Eh, alam naman nating hindi puwede dahil may boring na gf na si Monjour.”

Nagtawanan sina Carlo at James at kinantayanan siya ng kung ano-ano.

Kahit gusto niyang sabihin na hindi boring si Ara ay nanatiling tikom ang bibig niya. Na-meet na ng mga ito si Ara nang minsang manood ng game nila ang dalaga at iyon ang impression ng karamihan sa teammates niya rito.

“Magsitigil na nga kayo! Si Ara na naman ang pinagdidiskitahan n’yo,” galit na sabat ni Richard sa gitna ng tuksuhan.

Ito ang bukod tanging tagapagtanggol ni Ara

sa mga laitero niyang ka-team. Naiitindihan niya dahil mula noong kolehiyo hanggang ngayon ay best friend na ito ng kanyang nobya. Minsan ay napagseselosan niya ito. Ang totoo, naiinis siya dahil alam niyang mas karapat-dapat si Richard na maging boyfriend ni Ara kaysa sa kanya. Mas protective ito sa dalaga at lalong hindi ito takot na ipagtanggol ang nobya dahil lang nag-aalala sa sasabihin ng barkada. Hindi katulad niya.

Naitanong niya noon kay Ara kung kahit kailan ba ay hindi nanligaw rito si Richard at ang sabi ng girlfriend ay hindi raw. Naniwala siya sa sinabing iyon ni Ara dahil sumasama sa paglabas-labas ng barkada si Richard at madalas ay may ka-date itong magandang babae. Sigurado siyang hindi ito gay.

“Hindi n’yo kasi kilala ’yung tao kaya ganyan kayo makapagsalita,” dugtong pa nito.

“Alam mo, Chard, minsan naiisip ko kung sino ba talaga sa inyo ang totoong boyfriend ni Ara, kung ikaw ba o si Monjour,” patuloy ni Carlo.

Sa halip na patulan ang patutsada ng una ay tiningnan lang siya nang masama ni Richard.

Inakbayan ito ni Seve na parang nahalata ang namumuong tension. “Hayaan mo na ang mga gagong ’yan, Chard. Basta, sasama ka ngayong

gabi. Malulungkot si Bea pag wala ka do'n." Pero tinanggal ni Richard ang pagkakaakbay ng una at agad na umalis.

Alam niyang mababa ang tingin ni Richard sa kanya dahil hinahayaan lang niyang lait-laitin ng mga kaibigan si Ara. Hindi niya alam kung bakit sumasama pa ito sa paglabas-labas nila minsan. Siguro dahil gusto nitong makisama. O siguro para may maibalita itong bago sa girlfriend niya pag nagkikita ang dalawa. Kumpyansa naman siya na hindi ito paniniwalaan ni Ara.

Lagi siyang binabahugan ng mga kaibigan ng babae dahil kawawa raw siya. Manang daw kasi ang girlfriend niya, hindi mahilig sa night life, at ayaw sumama sa pagpa-party nila.

Naiintindihan naman niya iyon dahil pagod na si Ara sa trabaho. Pero hindi rin niya dinidepensahan ang girlfriend sa mga ito.

"Ano, Monjour, tara na?" tawag ni James.

Tumango siya at tumayo na.

Naramdaman niyang nag-vibrate ang kanyang cell phone na nakalagay sa kanyang bulsa. Agad niya iyong kinuha para tingnan kung sino ang nag-text.

Si Ara. Dumaan daw siya sa apartment nito

dahil nagluto ito ng masarap na pagkain. Sabay na raw silang mag-dinner. Pero naka-oo na siya sa barkada.

Napapitlag siya nang tumawag si Ara.

“Oy, p’re, si Ara ba ’yan?” Lumapit sa kanya si Carlo. “Bukas na lang siya. Tatal lagi naman kayong magkasama.”

Hindi pa rin niya sinasagot ang tawag.

Ano ang idadahilan niya kay Ara para hindi ito magalit sa kanya?

“Sabihin mo na lang, p’re, na anong oras na natapos ang practice natin para hindi ka pagdudahan,” sulsol ni James sa kanya. “Mamaya mo na i-text.”

“Tara na, baka naghihintay na si Jasmine at ang mga kasama niya sa ’tin,” excited na sabi ni Carlo.

Medyo nagiguilt siya. Naiisip niya ang effort ni Ara sa pagluluto at ang kagustuhan nito na makasalo siya para magkaroon man lang sila ng quality time sa isa’t isa. Panahon na mas pinipili niyang ilaan sa iba.

*Marami pa namang araw. Babawi na lang ako, isip niya.*



Pagod na si Monjour sa kasasayaw kaya niyaya

niya si Steffanie na maupo sa mesa nila ng mga kabarkada. Nakipag-usap ang babae kay Jasmine habang tahimik siyang umiinom ng malamig beer na ibinaba ng dumaang waiter.

“Alam n’yo, mga par, itong si Monjour sobrang loyal kay Ara. Tingnan n’yo, kahit nagkakasiyahan tayo rito, na kay Ara ang isip niya,” umpisa ni James.

“Sobrang loyal o sobrang takot?” banat ni Carlo.

“Ano ba nakita mo kay Ara, par?” tanong ni Seve. “Ano’ng unang nagustuhan mo sa kanya?”

Sasabihin dapat niya na malambing ito at maasikaso at sexy pa. Alam niyang sa kabila ng sinasabi ng mga kabarkada niyang laitero ay hindi maiwasan ng mga ito na mapatingin sa magandang katawan ng girlfriend niya. Bagay na ikinaiinis niya kaya pabor din sa kanya na hindi sumasama si Ara sa mga paglabas nila. At hindi rin pangit si Ara. She was beautiful in her own way. Pero minsan pa, nanatiling tikom ang bibig niya.

“Ang layo talaga ni Ara sa ibang chicks natin. Very conservative at mukhang ayaw pa sa ’min na tropa mo, maliban na lang kay Richard.” Umismid ito. “Plain lang ang beauty niya. Sabihin mo nga, par, mahal mo ba talaga si Ara?”

Pakiramdam ni Monjour ay masyado nang naapakan ang pagkatao niya. Kulang na lang ay direktang sabihin ng mga ito na pangit at di maipagmamalaki ang girlfriend niya.

“Hindi ko mahal ’yung si Ara. Magkaibigan kami n’ung umpisa. Siguro natuwa ako sa kanya dahil sobrang bait, maalaga pa. Kami pa rin hanggang ngayon kasi naawa ako sa kanya. Pero kung tutuusin para ko nga lang ’yung katulong. Tagapagluto ng gusto kong pagkain. Caregiver kapag nagkakasakit ako. Hanggang do’n lang. Pero ’yung love? Hindi ko pa ramdam ’yon sa ngayon, kasi kung talagang mahal ko siya, wala sana ako dito ngayon,” sagot niya at naghiyawan ang mga ito.

Alam ni Monjour na maling-mali ang mga sinabi niya pero hindi naman siguro makakarating ang mga iyon kay Ara.

“Parang gusto ko tuloy makita si Ara,” sabi ni Steffanie na ikinawit ang braso sa kanya. “Kawawa naman siya.” Hinalikan siya nito sa bibig.

Pinutol niya ang halik para sabihing, “Naku, lalo ka lang maaawa pag nakita mo siya. Kasi nga hindi siya maganda tulad mo. Tawag ko nga do’n pangit.”

Siniil muli ni Steffanie ng halik ang kanyang

mga labi. Naghiyawan ang mga kabarkada niya. Siguro dahil ngayon lang sila nagkakilala ng babae, pero halatang game ito.

*"Ilabas na 'yan, ilabas na 'yan. Tirahin, tirahin, boom, boom, boom!"* kanta ng mga ito na itinono pa sa *Boom Tarat Tarat* ni Willie Revillame.

Agad siyang tumayo matapos yayain si Steffanie papunta sa CR. Gagawin niya rito ang bagay na parehong magdadala sa kanila sa langit.



Tunog ng doorbell ang nagpabalikwas kay Monjour mula sa pagkakatulog sa kama. Pagbaling ay na-realize niyang mayroon nga pala siyang katabi. Tulog pa rin ito. Hindi siya nakuntento sa ginawa nila sa banyo ng bar kaya iniuwi niya si Steffanie sa unit niya at doon ay pinagsawaan nila ang katawan ng isa't isa.

Nagsuot siya ng robe bago lumabas ng kuwarto.

Wala siyang inaasahang bisita kaya siguradong ang mama lang niya ang nasa kabila ng pinto. Ito lang ang pumupunta sa unit niya nang ganoon kaaga. Pakikiusapan na lang niya ito na bumalik sa kotse at hintayin siya roon. Sasabihin niyang mag-almusal sila sa labas.

Kaya muntik na siyang matumba nang

mapagbuksan si Ara. Gusto niyang magpalamon sa lupa.

“Hi, Pogs. Anong oras ka nakauwi kagabi?” tanong nito at naglakad papasok sa unit niya. “Sinusubukan kitang tawagan kagabi para sana dalhan ng pagkain, pero di na kita makontak. Kaya heto, ngayon ko na dinala.” Nakangiti nitong iniangat ang dalang eco-bag na naglalaman ng food containers.

Hindi malaman ni Monjour ang gagawin.

“Ah... Dapat, Nget, tumawag ka muna o nag-text na darating ka ngayon.” Nalilito siya sa sasabihin.

“Kailangan ko pa bang magpaalam sa ’yo kapag gusto kitang puntahan?” Lumabi ito, kunwari’y nagtatampo.

“Ha? Hindi sa gano’n, pero sana nakapag—” Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil lumabas sa sala ang babaeng pinatulog niya sa kanyang kuwarto.

“Babe,” tawag nito sa kanya. “Mon, ang sakit ng ulo ko—Oh! May bisita ka pala. Hi. I’m Steffanie,” pakilala pa nito.

“A-Ara,” sagot ng girlfriend niya at pagkuwa’y tumingin sa kanya.



“Ah, ikaw pala si Ara,” dugtong ni Steffanie at muling tumingin si Ara rito. Gusto niya itong patahimikin. “I guess, totoo nga ang sabi nila. Anyway, magbibihis lang ako at aalis na. Mukhang kailangan ninyong mag-usap.”

Nang bumalik si Steffanie sa kuwarta ay tahimik na dumerecho si Ara sa kitchen at ipinatong doon ang dala nito. Naiwan sa kinatatayuan si Monjour.

Lumabas si Steffanie na suot na muli ang bestida at stilettos nito kagabi at nagpaalam pa sa kanya.

“See you again, babe.” She blew him a kiss.

Pagkalabas na pagkalabas ni Steffanie ng pinto ay bumalik sa sala si Ara.

“Wala na tayong dapat pag-usapan, Monjour. Nakita ko na lahat. Sorry kung naistorbo ko kayo.”

Pinigilan niya ito sa braso. “It’s not what you think, Ara,” he said.

Ang dami niyang gustong sabihin, pero hindi niya alam kung saan mag-uumpisa. Hindi niya alam kung ano ang magandang paliwanag sa mga nakita nito.

Naka-undies lang si Steffanie nang unang lumabas ito. Ano ang magandang paliwanag doon na magiging katanggap-tanggap? Sinong girlfriend

ang hindi magagalit?

“Bakit? Alam mo ba kung ano ang mga iniisip ko?”

Wala siyang naisagot kundi iling.

“O, di ba? Ang sabi mo kagabi nagpa-practice ka. So kahit na gusto kitang makasama, ipinagluto pa nga kita ng mga pabirito mo, sabi ko na lang sa sarili ko, may bukas pa naman. ’Tapos gano’n ang aabutan kong eksena. May nakahubad na babae sa unit mo at ikaw naman naka-robe lang. Malay ko kung may suot ka bang briefs sa ilalim niyan o wala. ’Tapos, ano? Parang ako pa ang nahiya sa inyo.” Alam niyang pinipigilan ng nobya ang luhang gustong mag-unahan sa pagtulo. Hindi niya alam kung ilang beses na niyang pinaiyak si Ara dahil sa mga kagaguhan niya, pero ipinapangako niya na hindi na mauulit iyon.

“Ara, please...”

“P\*tang in\*ng practice ’yan, Jour! Ano?! Practice ng iyot? Kaya magdamag kang hindi makontak kasi hindi court ang bina-basketball mo kundi ang butas ng babaeng iyon!”

“Ara, please calm down,” he begged.

“Calm down mo ’yang mukha mo!” galit na singhal nito. “Alam mo, Jour, pinipilit talaga kitang

intindihin at unawain. Hindi ko alam kung anong klaseng unawa pa ang ibibigay ko sa 'yo." Noon ito tuluyang napaiyak at para siyang sinuntok sa dibdib sa nakikitang sakit sa mukha nito.

Lalo siyang natuliro. Pero paano niya dedepensahan ang sarili? Magsisinungaling siya? Huling-huli na siya nito.

"Ibinigay ko na nga ang lahat sa 'yo. Kaso mukhang kulang pa rin ang lahat ko para magbago ka, Jour. Hindi ko na alam ang gagawin." Pagkasabi niyon ay pumiksi ito sa hawak niya at agad tinungo ang pinto para lumabas ng bahay niya.

Gusto niya itong sundan pero ayaw gumalaw ng kanyang mga paa. Isa pa, hindi niya rin alam kung ano ang mga dapat gawin para gumaan ang pakiramdam nito at huwag na itong magalit sa kanya. Hindi ito ang tipo ng babae na nadadaan sa mamahaling regalo.

Totoo yata ang kasabihan na walang usok na maitatago.

Sinubukan niyang suyuin si Ara at humingi ng tawad dito. Araw-araw ay tumatambay siya sa harap ng bahay nito pero lagi itong wala, parang hindi na ito umuuwi sa nirerentahang apartment. Hindi niya rin ito makontak. Malamang ay nagpalit

na ito ng number o naka-block na siya rito. Nang tawagan niya sa trabaho ay naka-leave daw ito ayon sa nakausap niya. Naisip niya tuloy kung talaga bang hanggang dito na lang sila at hindi na siya bibigyan ni Ara ng isa pang pagkakataon.

Hindi niya alam kung kakayanin ba niyang mawala si Ara. Pero mukhang nawala na ito nang tuluyan sa kanya. Oo, gago siya. Pero mahal niya ito. Oo, alam niyang malaki ang nagawa niyang kasalanan dito, pero sapat na ba iyon para kalimutan ang lahat ng namagitan sa kanila at iwan siya nito? Mahigit dalawang taon na niya itong nobya. Bago iyon ay malapit silang magkaibigan. Itatapon na lang ba nito ang kanilang pinagsamahan dahil lang sa pagkakamali niya?

Ang gusto lang naman niya ay bigyan siya nito ng pagkakataong magpaliwanag at patunayan dito na ito talaga ang mahal niya at handa siyang magbago huwag lang itong mawala sa buhay niya. Gagawin niya ang lahat kahit pa iwan ang basketball, makabawi lang dito.

Pinuntahan niya si Ara sa bahay ng nanay nito, pero either hindi siya nito hinaharap o wala talaga ito roon. Alam niyang galit ang nanay ni Ara sa kanya kaya naiintindihan niya nang maigting

nitong sabihin na hayaan na lang niya ang anak nito. Ang kapatid ni Ara na si Ashley ay ni hindi siya kinakausap. Dati pa man ay hindi na ito boto sa kanya dahil sasaktan lang daw niya ang ate nito. Bagay na parang gustong ipamukha ng dalagita sa kanya ngayon.

Totoo nga pala ang sabi nila na saka mo lang malalaman kung gaano mo kamahal ang isang tao kapag nawala na siya sa iyo.

Ayaw niya pa ring tanggapin na nawala na sa kanya si Ara. Patuloy siyang umaasa na babalik pa rin ito sa kanya. Bibigyan niya ito ng space kung iyon ang gusto nito.

Gabi-gabi bago matulog ay sinusubukan niyang tawagan si Ara at lumukso ang puso niya nang pagkatapos ng isang linggo ay nag-ring ang cell phone nito at sinagot ng dalaga ang tawag niya.

Si Monjour ang unang nagsalita. “Hi...”

“H-hello,” mahinang sagot ni Ara.

Hindi siya makaimik dahil sa mga luhang ayaw paawat sa pagtulo. How he missed her voice. He missed her so bad. Gusto niya itong makita at yakapin nang mahigpit. Iyak lang siya nang iyak at alam niyang naririnig siya ng dalaga.

“Jour?” Napakalamyos ng medyo paos na

bores ni Ara at naalala ni Monjour kung gaano ito kalambing.

“Ara...”

“Tama na ang iyak. Ano ba ang sasabihin mo? Sige lang, makikinig ako.” The tone of her voice was very soft. Parang nakikipag-usap ito sa isang bata, nang-aamo kahit ang bata ang may kasalanan.

“Galit ka pa rin ba sa ’kin, Nget?” Hinintay niya ang sagot nito pero nanatiling tahimik ang dalaga sa kabilang linya kaya nagpatuloy siya, “I’m sorry. I really am sorry, Ara. I promise, magbabago na ’ko. Please give me another chance,” pagsusumamo ni Monjour. Kung magkaharap sila ngayon ay baka lumuhod siya patawarin lang siya nito. “I want to see you. Mag-usap tayo, please.”

Pumayag ito at nabuhayan si Monjour ng pag-asa. Binibigyan siya ng pagkakataon ni Ara at hinding-hindi niya sasayangin iyon.

Sinabi nito ang lugar, petsa, at oras ng kanilang tagpuan at agad nang tinapos ang tawag.



Kanina pa naghihintay si Monjour. Nakaupo siya sa loob ng paborito niyang Italian restaurant. Nag-aalala siya na nagbago na ang isip ni Ara at hindi ito darating. Hindi niya alam kung pinili ng

dalaga ang lugar dahil doon sila nag-celebrate ng first year anniversary nila (celebration na rin ng pagkakuha sa kanya sa *PBA*) o dahil alam nitong walang masyadong kliyente roon nang ganoong oras.

Pero hindi pa naman ito late. Maaga lang talaga siya.

Muling lumapit sa kanya ang waiter para itanong kung ready na siyang um-order.

“Ah, may hinihintay pa kasi ako. Tawagin na lang kita mamaya kapag nandito na siya.”

Tumango ito at tumalikod na.

Nakahinga siya nang maluwag nang matanawan ang pumasok sa pinto.

“Ara,” mahina niyang sambit. Tumayo siya habang naglalakad ito palapit sa mesa kung saan siya nakapuwesto.

Napansin niya agad na medyo namayat ito at lalo siyang nakaramdam ng pagkakonsyensya. Dahil kasalanan niya ang lahat. Siya ang dahilan ng panlalalim ng mga mata nito. Sigurado siya na ilang araw rin itong umiyak.

“Sorry, I’m late,” sabi ng dalaga.

Ipaghihila niya dapat ito ng upuan, pero itinaas nito ang isang palad paharap sa kanya na parang

sinasabing huwag na siyang mag-abala.

“It’s okay. Puwede bang kumain muna tayo bago tayo mag-usap?” Tinitigan lang siya ni Ara kaya hindi na niya hinintay ang sagot nito. Agad na niyang tinawag ang waiter na para mag-order.

Pag-alis ng waiter, gumalaw ang kamay niya para abutin ang kamay ni Ara na nakapatong sa mesa, pero agad nito iyong iniwas.

Parang dinibdiban si Monjour sa ginawa nito. Naging mahirap at masakit ang paghinga.

Pinilit niyang magpakatatag, isipin na maaayos pa ang relasyon nila. Isa itong date. Kakain sila nang magkasama at masaya. Ilang araw rin siyang walang gana sa pagkain, sa lahat ng bagay kung tutusin.

Pero alam niyang napipilitan lang si Ara na kumain habang kasama siya. Inubos nito ang serving na kinuha mula sa mga in-order niya dahil hindi nito ugaling magsayang ng pagkain.

Nang lumapit uli ang waiter para itanong kung magde-dessert sila, si Ara ang sumagot ng, “Hindi na.”

Parang napatalilis ang waiter sa sobrang seryoso ng tono ng dalaga.

“May importante akong itatanong sa ’yo,



Jour,” sabi nito nang wala na silang kasama. “Sana magsabi ka ng totoo.”

“A-ano ba ’yon?”

“M-minahal mo man lang ba ako buong panahon na girlfriend mo ’ko? Sigurado ako na pinahalahan mo ’ko bilang tao at bilang kaibigan mo na rin, pero bilang girlfriend?”

Paano nito nagawang itanong ang bagay na ito? Oo, hindi siya sigurado noong una kung pagmamahal na ba ang naramdaman niya para rito. Pero ngayon... ngayon sigurado na siyang mahal niya ito at hindi niya kayang mawala ito sa buhay niya.

“Of course, I love you, Ara. Mahal na mahal kita at—”

Pauyam itong tumawa nang maikli.  
“Sinungaling.”

“Ara...”

“Hindi ko alam kung paano mo nabilog ang ulo ko. Dapat una pa lang alam ko nang imposibleng mahal in mo ako. Harap-harapan mong pinapamukha sa ’kin kung gaano ako kapangit sa paningin mo. Pero n’ong niligawan mo ako, umasa akong balang-araw makikita mo din ang halaga ko, na maganda rin ako kahit hindi ako maihahanay sa

mga modelo na madalas ma-link sa 'yo. At kapag dumating ang araw na iyon, baka mahalina mo na ako.”

“You’re wrong, Ara. Maganda ka para sa 'kin. Ikaw ang pinaka—”

“Tama na, Jour. I really thought we had a chance, that we’d love each other until we’re old and gray. Whenever we made love... had sex... ang buong akala ko mahal mo na din ako. Pero magkaiba nga pala 'yon. Akala ko sapat na ako. Pero iyong binibigay ko sa 'yo, nakukuha mo nga rin pala sa iba. At magaganda pa. Hindi mo talaga ako kailangan—”

“Ara, that’s not true. What we have between us, iba iyon. It’s special. At kailangan kita. Hindi ko kakayanin kung wala ka.”

Umiling-iling ang dalaga. “Hindi mo 'ko kailangan. Nasanay ka na lang sa 'kin, kaya mo gustong ayusin pa itong... kung anuman ito. Pero pagkatapos ng mga nakita ko, ng mga narinig ko, siguro napuno na ako. Hindi na kita kayang pagkatiwalaan, Jour. I gave you—us—several chances. Kahit alam ko sa sarili kong mabibigo lang ako sa 'yo, paulit-ulit kitang pinatawad.” Hindi na nito idinugtong na ginagawa nito iyon dahil mahal

na mahal siya nito, gaya ng lagi niyang naririnig noon.

“I promise, Ara, this time magbabago na talaga ako. Just please tanggapin mo ako ulit...”

Kinuha nito ang cell phone mula sa bag at inilagay iyon sa ibabaw ng mesa.

Nag-play ito ng isang voice recording. Nakilala niya agad kung sino ang nagsasalita. Walang iba kundi siya.

“Si Richard ba ang nagpasa sa ’yo niyan?”

“Huwag kang magalit sa kanya. I think you should thank him instead. Isa pa, may nagbigay lang daw sa kanya ng recording na iyan. Ayaw niya ring sabihin sa ’kin kung sino. Pakiramdam ko tuloy matagal mo nang gustong makipag-break sa ’kin, hindi mo lang masabi. Noong magkaibigan pa lang tayo, nasasabi natin ang lahat sa isa’t isa. Kung kailan lumalim ang relasyon natin, saka ka pa nangimi.”

“Ara, hindi totoo ang mga sinabi ko d’yan. I was an ass, okay? Duwag ako, hindi kita maipagtanggol sa mga kabarkada ko. Pero hindi ko gustong makipag-break sa ’yo!”

“It’s okay, Jour. Hindi lang naman ’yon ang dahilan. Naisip ko rin na baka hanggang dito na

lang talaga.”

Hinawakan niya ang kamay ng babae na nasa mesa noon para kunin ang cell phone nito. This time, tumanggi siyang pakawalan iyon. “Ara, please... Don’t leave me.” Saka lang namalayan ni Monjour na umiiyak na pala siya.

“Na-realize ko, nakakaawa pala ako kapag nakikipag-inuman ka sa mga barkada mo dahil ako pala ang pinagkakatuwaan n’yo pati ng mga babae n’yo.” Hinila ng dalaga ang kamay mula sa mahigpit niyang hawak.

“Ara, hindi totoo ang mga sinabi ko d’yan.” Naitakip niya ang isang palad sa mukha at pinalis ang mga luha sa pisngi saka muling hinarap ang babae.

“Hindi totoo na ano? Na ikaw ang nagsasalita rito? May nakatutok bang baril sa ’yo habang sinasabi mo ang mga bagay na ’yon? Di ba nakikipagtawanan ka pa nga?” Hindi ito sumisigaw, pero pakiramdam niya ay nabibingi siya.

Giniginaw si Monjour sa lamig ng tingin nito sa kanya. Wala na sa mga mata nito ang pagmamahal para sa kanya.

She was looking at him blankly.

“I’m sorry, Ara. I’m so sorry.” Gusto niyang

magpaliwanag, pero kulang ang mga salita.

Sarkastiko itong ngumiti. “Sorry for what? Sorry dahil hindi mo ako magawang mahalín?”

“No! Ara, I love you! Kung meron man akong babaeng totoong minahal bukod sa mama ko, ikaw iyon. Ikaw lang.”

“Jour, if you truly loved me, then you wouldn’t have hurt me.” Malungkot itong ngumiti. “You deserve someone na bagay sa ’yo. Iyong totoong mamahalin mo. At ako, deserve ko rin iyong totoong mahal ako.”

“Yan ba ang dahilan kaya ayaw mo ’kong pagbigyan? May iba ka na ba, Ara? Sino siya? Si Richard ba, ha?” May pait at selos sa tono niya.

Hindi pinatulan ni Ara ang sinabi niya. Mahinahon pa rin ito nang magsalita. “I’ve always been the ever patient girlfriend. Inuunawa ka, hindi marunong magalit kahit na ilang kasalanan pa ang ginawa mo, pilit kang iniintindi at handang yakapin ka sa kabila ng sakit, huwag ka lang mawala. Handang tanggapin ang lahat ng mali mo dahil mahal kita. Handang magbigay hindi lang ng second chance kundi ng hundred chances dahil umaasa ako na darating ang araw na magbabago ka.”

Doon nabasag ang tinig nito. Pero hindi ito umiyak. Ilang beses itong huminga bago nagsalita ulit.

“Pero parang ako lang naman ang lumalaban at pilit pinapatibay ang relasyong ito. Sa kabila ng lahat ng mga sakripisyo ko, nagagawa mo pa ring magloko. Parang basura lang ako sa ’yo. Pakiramdam ko, nasayang lahat ng pagmamahal na inalay ko. Pumayag akong magkita tayo kasi gusto kong maging maayos ang paghihiwalay natin. Jour, I need to be free of you to heal myself. Please let me go.”

“No, hindi ako papayag. Akin ka, Ara. Tayo hanggang sa huli. Please don’t do this to me. I promise to change. Please...” pagsusumamo niya.

“Pagod na ako, Jour. Akala ko okay lang kahit ako ang laging nag-a-adjust. But then I realized, relasyon nga pala ’to. Dapat ikaw at ako ang lumalaban para hindi ito masira. But you kept on destroying it, while I kept on repairing it. Ako lang, ako lang naman ang laging umaayos nito at hindi ko na kaya ang sakit. I’m finally letting you go.” Tumayo ito at lumapit sa kanya. Yumukod ito at ginawaran siya ng halik sa noo. “Bye, love. I’m setting you free.”

---

He never thought goodbyes could be so painful.

## 4

**K** atatapos lang ng meeting ni Monjour kina Mr. & Mrs. Dela Torre, ang mag-asawang dating pinagkakautangan ni Ara. Nagkita sila sa isang Japanese restaurant. Kasama niya sa meeting ang kaibigang abogado na nagpakilala sa kanila.

Hindi matapus-tapos ang pagpapasalamat sa kanya ng mag-asawa kahit nang pauwi na sila.

“Thank you, Mr. Maniquis. Hindi talaga namin gustong gipitin si Ara na gawing pambayad-utang iyong bahay at lupa nila, kaso kailangan din namin iyong pera. Matagal na rin kasi ang pagkakautang na iyon at patuloy lang na lumalaki dahil sa interes. Mabuti at may kaibigan siyang tulad mo.”



Kinamayan siya ni Mr. Ino Dela Torre.

Ewan lang ni Monjour kung iyon din ang magiging opinion ni Ara pag nalaman nito ang tungkol sa ginawa niya.

“Salamat din po,” sagot niya. “It’s been nice doing business with you.”

“Nga pala, Mr. Maniquis, naghahanap din kami ng buyer doon sa mango orchard na dating pag-aari ng pamilya ni Ara. Naipagbili iyon sa amin nang magkasakit ang mama niya. Maganda ang quality ng mangga, malaki at matamis. Kaya lang, maipagbibili rin iyon bago kami mangibang-bansa. Baka po interesado kayo,” sabi ni Mrs. Greta Dela Torre.

“Pag-iisipan ko po,” sabi ni Monjour.

Magiging interesado lang siya sa taniman ng mangga kung gusto pa iyong mabawi ni Ara.



“Ho? May nagbayad na sa inyo ng utang ko?” gulat na tanong ni Ara kay Mrs. Greta Dela Torre. Nagpunta siya sa bahay nito para ibigay ang installment na ipinangako niya. Napakaliit na halaga ng fifty thousand sa limang milyon na pagkakautang nila rito. “Sino po?”

“Kaibigan mo daw siya,” sagot ng ginang. “Kaya

huwag ka nang mag-alala, hija. At pasensya ka na kung masyado ka naming minadali sa pagbabayad. Pangarap talaga namin na mapag-aral sa ibang bansa ang nag-iisang anak namin, eh.”

Kinabahan si Ara. Hindi kaya ang papa niya ang nagbayad dito? Pero imposible iyon dahil wala itong kuwentang ama.

“Nag-iwan po ba ng contact number? Natatandaan n’yo po ba ang pangalan?”

Tumawa ang ginang. “Siyempre naman natatandaan ko ang pangalan. Matangkad at guwapo. Teka, kukunin ko ang business card na ibinigay niya sa akin.” Bago pa niya maulit ang tanong kung ano ang pangalan ng tumulong sa kanya ay iniwan na siya ni Mrs. Dela Torre sa sala at pumasok ito sa isang kuwarto.

Pagbalik ay may iniabot ito sa kanya na isang tarheta. “Si Mr. Monjour Maniquis.”

Nahablot ni Ara ang calling card at agad iyong tinitigan. Baka kasi nagkamali lang siya ng dinig. Pero pangalan talaga ni Monjour ang nakalagay sa tarheta.

“Ano po ang sabi niya sa inyo, Mrs. Dela Torre? Bakit daw po niya binayaran ang utang namin?”

“Ang sabi lang niya ay gusto ka niyang tulungan

dahil nga malapit kayong magkaibigan. Ang usapan lang namin ay sa halip na si Mr. Maniquis, kaming mag-asawa muna ang magsasabi sa iyo dahil baka daw mabigla ka kapag siya ang gumawa n'on. Pupuntahan talaga kita sa inyo kung hindi ka nakarating sa usapan natin ngayon.”

Nagpaalam na siya kay Mrs. Dela Torre.

Ano ang plano ni Monjour at binayaran nito ang pagkakautang nila? Ang ibig lang sabihin niyon, ito na ang pinagkakautangan niya ngayon!

Dumaan siya sa eye clinic ni Greg para kunin ang bagong eyeglasses na ipinagawa niya. Gumagamit siya niyon kapag nagco-computer siya. Pinapasok siya ng secretary nito nang tapos na ang nakasalang na pasyente.

Second sem noong third year college sila ay bumalik ang pamilya ni Greg sa Cebu at doon ito nagpatuloy ng pag-aaral. Kahit ipinagpasalamat niya iyon noon dahil nawalan siya ng makulit na ex-boyfriend, na-miss niya ang kanilang pagkakaibigan. Isa na itong ganap na ophthalmologist ngayon at pinakasikat sa lugar nila. Siguro isa sa mga dahilan kung bakit madaling nahulog ang loob niya rito noon ay dahil pareho ang hometown nila.

Napangiti ang lalaki nang makitang papasok siya sa pinto. Nagpaalam dito si Mrs. Buena, ang assistant nito, na bibili lang ng merienda. Tinanong siya ni Greg kung ano ang gusto niya. Umiling si Ara at sinabing hindi rin siya magtatagal. Dinaanang lang talaga niya ang bagong salamin sa mata na ipinagawa. Nang masabi ni Greg ang pabili nito ay iniwan na sila ng ginang.

Isinukat sa kanya ni Greg ang salamin matapos siyang paupuin sa ophthalmology chair malapit dito.

“Mukhang malalim ang iniisip mo,” komento ng lalaki matapos niyang sabihin na tamang-tama lang ang salamin.

Umiling siya. Pero totoo ang sinabi nito. Kanina pa siya hindi mapakali. Iniisip niyang kailangan niyang makita si Monjour. Ayaw niyang magkaroon ng pagkakautang dito.

“Iyon bang utang mo sa mga Dela Torre?” tanong nito. “Pasensya na, kahit may pera ang pamilya ko, wala akong kakayanan na tulungan ka,” patuloy nito kahit hindi siya sumagot sa tanong.

“Ayos lang, Greg. Hindi mo naman obligasyon iyon.” Tumayo na siya at nagpaalam dito. “Magkano nga pala itong eyeglasses? Nakalimutan ko ’yung

resibo, eh.”

“Huwag na. Sagot ko na ’yan,” sabi nito.

“Sira ka talaga,” sabi ni Ara. “Sige, do’n ko na lang kay Miriam babayaran,” tukoy niya sa secretary nito na nasa receiving area ng clinic.

Napailing na lamang ito. “Bahala ka na nga.”



Kanina pa kinakausap ni Ara ang sarili kung tatawagan ba ang numerong nakasulat sa business card ni Monjour o hindi. Kung tatawagan niya ito, ano ang sasabihin niya?

*Boba ka ba? Itanong mo kung paano mo babayaran ang utang mo sa kanya!*

Malalim siyang napabuntong-hininga.

Gusto niyang sabunutan ang sarili. Kahit sa panaginip ay hindi niya pinangarap na makita at makaharap pang muli ang lalaki. Kaya natatakot siya ngayon. Paano kapag nakita niya ulit ito? Ano ang magiging reaksyon niya? Napakatagal na ng panahong lumipas at mga bagets pa sila noon.

*Matagal ka na rin namang naka-move on, di ba?*

Kung may makakakita sa kanya ngayon ay baka isipin ng mga itong nababaliw na siya. Kanina pa kasi siya paroo’t parito sa loob ng kuwarto niya.

Paano niya haharapin si Monjour?

*Naka-move on na nga ba ako?* piping tanong ng puso niya.

Tuluyan na niyang sinabunutan ang sarili.



Nag-text siya kay Monjour at tinanong ito kung paano niya mababayaran ang utang niya rito. Nag-reply ito at sinabing pupunta ito sa bahay niya para personal siyang makausap. Itinatanong nito kung kailan siya puwede.

Ngayon ang araw na itinakda niya para magkita sila.

Hindi siya mapakali sa harap ng salamin. Hindi sa nagpapaganda siya dahil gusto niyang maakit ito sa kanya. Gusto lang niyang makita nito na hindi na siya ang manang at pangit na si Ara na nakilala nito noon.

Nagtatrabaho siya bilang financial accountant para sa mga negosyanteng wala nang panahong asikasuhin ang mga permit at kung ano-ano pang may kinalaman sa pera ng mga ito. Kumikita rin siya sa online job bilang accounting consultant.

Nang bumalik ang pamilya nila sa Cebu pagkamatay ng lola niya na ina ng mama nila, minana nila mula rito ang mango orchard. May

mahusay na manager ang taniman at sa halip na tuwing anihan ay tumatanggap ng monthly income mula roon ang kanyang ina bukod pa sa pension nito.

Pero nakakilala ang kanyang mama ng isang lalaki na mas bata nang limang taon dito at nag-live in ang dalawa. Hindi siya tumutol dahil naisip niyang maigi rin na may kasama ito sa bahay at sa buhay. Sa Bohol kasi siya nagtatrabaho noon at bihirang bumisita sa kanyang ina. Si Ashley naman ay sa Manila piniling mag-aral at doon din balak magtrabaho pagkatapos.

Naisip niyang malungkot ang buhay ng ina mag-isa at ayaw niyang maging hadlang sa kaligayahan nito. Ang hindi lang niya gusto ay tamad at walang trabaho ang napili nitong lalaki.

Nang magkasakit ang kanyang ina, iniwan ito ng kinakasama. Saka lang din niya nalaman na naisanla nito ang mango orchard para bayaran ang mga utang ng lalaki sa sugal. Sinabi lang ng ina na gagamitin nito sa pagpapagamot ang pera dahil natatakot ito sa sasabihin ng mga kamag-anak at kapit-bahay. Mabuti na lang at naipatago nito kay Ashley ang titulo ng bahay at lupa nila nang minsang magbakasyon doon ang kapatid kaya

hindi iyon napakialaman ng lalaki.

Kahit gusto niyang magalit sa ina ay hindi niya magawa lalo't alam niyang ito ang pinakanasaktan sa nangyari. Bukod doon ay pinahihirapan din ito ng sakit na cancer.

Sinubukan niyang humingi ng tulong sa papa niya nang mangulit si Mrs. Dela Torre na gawin na lang niyang pambayad ang bahay at lupa na naiwan sa kanila, pero bigo siya. Hindi niya alam kung sadyang wala itong puso para sa kanilang mga anak nito sa una o talagang duwag lang itong malaman ng lahat ang baho ng nakaraan nito.

Tiningnan niyang muli ang kanyang mukha sa salamin. Hindi na chubby ang cheeks niya at mas naging prominente ang kanyang cheekbones. Ganoon pa rin ang singkit niyang mga mata na nakuha niya sa kanyang ina at ang matangos na ilong na tanging namana sa kanyang ama. Kahit madalas siyang nasa ilalim ng araw (lalo na pag marami siyang inaasikasong permit) ay hindi man lang siya umitim.

Napapitlag si Ara sa tunog ng busina. Nandito na yata ang bisita niya. Naupo muna siya sa gilid ng kama. Parang nanghina ang mga tuhod niya. She needed to act normal. Kailangan niyang kumilos



na para bang wala silang masakit na nakaraan ni Monjour. Ilang gabi rin niyang inihanda ang sarili para sa tagpong ito. Gusto niyang maging professional sa pakikiharap dito.

Past is past.



Kadarating lang ni Monjour sa bahay ni Ara kasama ang kanyang kaibigan at abogadong si Rence Villanueva.

“Tuloy po kayo,” bungad sa kanila ng isang may-edad ng babae na tingin niya ay kasambahay ni Ara.

“Salamat po,” tugon nila.

Malaki ang bahay at luma na ang hitsura sa labas, pero sa loob ay maayos at malinis. Kahit simple at karamihan ay yari sa kahoy ang furniture, kaaya-aya pa ring tingnan.

“Pababa na po siya. Hulata na lang.” Nang makaupo sila sa makintab na sofa ay iniwan na sila ng may-edad na babae.

Nagtatanong ang tingin na ipinukol niya kay Rence. “Ano raw?”

Tumawa ito. “You must learn how to speak Cebuano. Para hindi ka mabenta ng mga tao dito.”

“Oo na. Ano ba ’yung sinabi niya?” ulit niya.

“Hintayin na lang daw natin si Ara,” paliwanag nito.

“Ah, ’yon lang pala. ’Yaan mo, pag-aaralan ko kung paano mag-Bisaya,” nakangiti niyang sabi sa kaibigan.

“Dapat lang. Mukhang gusto mo pa namang magpa-impress kay Ara,” tukso pa nito.

Tawa lang ang sagot ni Mon.

Hindi niya itatanggi ang bagay na iyon. At gusto niyang ma-impress ito nang todo para mapapayag niya ito sa proposal niya.

Napalingingon si Monjour sa kaliwa at nakita niya ang babaeng laging laman ng panaginip niya. Tumayo sila ng kaibigan.

Simpleng pink T-shirt at skinny jeans ang suot ni Ara, pero na-emphasize ang makurba nitong katawan. Parang slow motion ang lahat habang naglalakad ito palapit sa kanila.

She gave them a bright smile.

Hindi alam ni Monjour kung ngingiti rin ba siya o sasabihin kung gaano ito kaganda.

“Hi. I’m Atty. Rence Villanueva. It’s my pleasure to meet you, Miss Garcia.” Iniabot nito ang kamay sa dalaga at tinanggap iyon ni Ara.

“Please call me ‘Ara,’” she told Rence and asked

them to sit down. Naupo rin ito sa isang pang-isahang silya na malapit sa kanya. “Kumusta?”

Na-realize ni Monjour na siya na ang kinakausap ni Ara nang sikuhin siya ni Rence.

Parang nahipnotismo siya sa paos at malambing nitong boses na kaytagal niyang inasam na muling marinig.

“It’s been a while,” nagawa niyang sabihin. *I missed you so much, Ara...*

Tumango ito. “Mahigit pitong taon din,” sagot ni Ara na hindi kababakasan ng hinanakit sa mga nangyari sa kanila noon.

“Parang kahapon lang...”

Tumikhim si Rence at naisip ni Monjour na hindi nga siguro magandang ideya na balikan ang nakaraan.

“Miss Garcia, ahm, Ara, nandito kami dahil may suggestion ang kliyente ko, who’s also my friend, kung paano mo mababayaran ang utang mo sa kanya.”

Tumayo si Ara nang pumasok ang kasambahay sa sala na may dalang sandwiches at inumin para sa mga bisita. Tinulungan nito ang babae at ito na ang naglagay ng tray sa mesa.

“Salamat po, Yaya Dina,” sabi nito bago

tumalikod ang matanda pabalik sa kusina. “Uminom muna kayo,” sabi ng dalaga sa kanila bago ito muling naupo.

Inubos ni Rence ang juice nito samantalang halos di niya nagalaw ang laman ng baso niya.

“I have a business proposition,” sabi ni Monjour. “Gusto kong i-consider mo.”

Nagkibit-balikat si Ara. “Let’s hear it. Sa totoo lang nagtataka ako kung bakit mo binayaran ang utang ko ganoong alam mo naman siguro na malabong mabayaran kita sa lalong madaling panahon.”

Namagitan si Rence. “Ara, hindi kasi pera ang gusto ni Monjour na kapalit ng pagtulong niya. Sa tingin ko, dapat ko kayong iwan para mas makapag-usap kayo nang masinsinan.”

Hindi niya pinigilan si Rence nang sabihin nitong maghihintay na lang ito sa sasakyan. Isinama lang naman niya ito para ito ang humarap kay Ara sakaling magbago ang isip ng dalaga at tumangging kausapin siya.

“Anong kapalit ang sinasabi ng abogado mo?”

“Marry me and be my wife, Ara,” he declared.

“What?!” halos sigaw nito.



“No! I’m not going to marry her, Papa! Kahit pa nangako na kayo sa kaibigan n’yo. Wala na tayo sa panahon ni *Maria Clara* so stop with the nonsense. I will choose the girl I will marry. Hindi si Shara ang babaeng iyon.” Nakita ni Monjour na nanggigigil ang kanyang ama na si Monico Maniquis, Sr., sa pagmamatigas niya.

Halata na ang puting buhok nito dahil na rin sa pag-angat ng edad, pero nanatili pa rin itong maliksi at malakas ang karisma. Marami ang nagsasabi na namana nilang tatlong magkakapatid na lalaki ang karismang iyon.

“Monjour, anak, ayaw kong panghimasukan ang buhay pag-ibig mo but you’re getting older at hanggang ngayon ay parang wala kang balak magkaroon ng sariling pamilya. Hindi na kami bumabata ng mama mo. We want to see the three of you having children of your own. Pero mukhang malabong mangyari ang bagay na iyon dahil ni isa sa inyo’y wala pang matinong buhay,” litanya ng ama.

“Matino? Bakit hindi si Nico at si Jover ang pagsabihan n’yo? Sila ang hingan n’yo ng apo dahil abala ako sa pagpapatakbo ng kumpanya natin,” katuwiran ni Monjour.

“Kung iyan ang rason mo, puwes ako na muna ulit ang bahala sa kumpanya,” agad nitong sagot.

Desperado na ba talaga ang papa niyang pag-asawahin siya?

“No! I’m not ready yet.”

“Kailan ka magiging handa? Kapag patay na kami at ugod-ugod ka na?”

“Napakabata n’yo pa! At ni wala pa akong treinta, Papa,” sagot niya.

Napailing-iling ito. “Natuwa kami ng mama mo dahil nag-asawa na si Monjover at naunahan kayong dalawa ni Monico. Pero ang nakakalungkot ay hindi niya pinahalagahan ang asawa niya kaya iniwan siya. Habang si Monico, hindi ko alam kung kailan magtitino. Pag nag-uwi iyan ng babae dito sa bahay ay ipapakasal ko talaga. Agad-agad!”

Napabuntong-hininga ito bago nagpatuloy. “Ikaw naman, masyado mong sineryoso ang kumpanya at nagi-guilty ako dahil ipinaako ko sa ’yo lahat kaya pakiramdam ko nawalan ka na ng pakialam sa sarili mong kaligayahan at nakuntento na lang na pagpapalit-palit ng babae. I just want you to be happy, Jour,” pagpapaunawa nito. “Nakausap ko na si Shara at ang mga magulang niya. Kung di ka makakahanap ng babaeng pakakasalan bago

matapos ang taong ito ay kayong dalawa ni Shara ang magpakasal.”

“No! Ako ang mag-aasawa kaya ako ang pipili kung sino ang gusto ko.”

Malapit silang magkaibigan ni Shara. Maganda ito, mabait, at edukada. Alam niyang susundin nito kahit ano pa ang iutos ng pinakamamahal nitong ama. Kung pagiging mabuting asawa ang pag-uusapan, panalo ito.

Pero alam din niyang iba ang mahal nito. Hindi siya papayag na maipakasal ito sa kanya at maging miserable sila pareho kung may magagawa rin lang siya.

*“Payag talaga ako na magpakasal sa ’yo, Jour. Responsible ka at gentleman pa. Protective ka sa ’kin. Alam kong matututunan kitang mahal. Ang totoo... tingin ko, mahal na kita. Samantalang lagi niya akong sinasaktan...”*

*Tumawa siya. “Nasasabi mo lang ’yan dahil hindi mo talaga ako kilala.” Naalala niya ang taong nasaktan niya nang labis noon.*

*Umiling ito. “Alam kong mahal mo din ako, Jour. Pumayag ka na. Tayo na lang ang magpakasal. We can make each other very happy...” At hinalikan siya nito sa labi, tila may gustong patunayan.*

Lagi niyang inuuna ang kapakanan ng pamilya niya kaysa sa sarili. Noong nagkasakit ang kanyang ama, iniwan niya ang *PBA* para asikasuhin ang negosyo nila. Siya na ang nagkusa. Pag may problema ang mga kapatid, mas sanay ang mga ito na sa kanya unang lumalapit kaysa sa mga magulang nila. Hindi niya papayagang pati sa usaping puso ay kontrolado pa rin siya ng pamilya.

“Hindi ka makakapili kahit na kailan dahil hindi ka marunong makuntento!” sigaw na ng papa niya. Napansin siguro nitong nawala na ang atensyon niya rito.

“That’s ridiculous!”

Pero nakatalikod na ang ama at naglalakad paakyat ng hagdan. Noon lumabas ang mama niya mula sa kusina.

“Ewan ko ba sa inyong mag-ama. Lagi na lang kayong nagpapang-abot,” napabuntong-hiningang saad ni Jasmine Maniquis. Fifty-two na ito, pero mukhang forty-something lang. “Pero wala ka pa ba talagang balak mag-asawa, Jour, anak?”

“Bakit n’yo ba ako minamadali?”

“Hindi ka namin minamadali. Sa tingin mo kung minadali ka namin, aabot ka ba sa ganyang edad na wala pang asawa? Kung ayaw mo na



---

kinukulit ka namin ng papa mo, magpakasal ka na kay Shara at bigyan mo na kami ng apo. Tapos ang usapan.”

## 5

“Iyon ang gusto kong kapalit ng pagtulong ko, Ara. Ang pakasalan mo ako at maging asawa kita,” klaro ni Monjour sa *proposal* nito.

“Nahihibang ka na ba?” tanong ni Ara. “At sa tingin mo talaga papayag ako sa gusto mo?”

“Why not? Maliban na lang kung may ipambabayad ka sa limang milyon, hindi na ako maniningil ng interes.”

“So you planned all of this?”

“Pamilya mo ang nangutang, nalaman ko lang ang sitwasyon mo at naisip kong tulungan ka,” sagot nito. “And how could *anyone* plan something as complicated as this?”

“Okay. So you took advantage of my situation,

that's what you did."

"I just wanted to help you—"

"Gusto mo akong tulungan o gusto mo akong idiin?"

"You don't understand, Ara." Akmang lalapitan siya nito para hawakan, pero umiwas siya bago pa man lumapat ang kamay nito sa balat niya.

"Why would you want to marry someone like me? What is it this time, Jour? Boring na ba ulit ang buhay mo at wala ka nang ibang mauto? Gusto mong pakasalan ako para magkaroon ka ng permanenteng laruan na puwede mong lokohin, paiyakin, at gawing tanga kapag malungkot ka?"

"No! I need a wife, okay? Ikaw ang gusto kong maging asawa kaya ako nandito."

Pagak siyang tumawa. "Ayoko. Hindi ako magpapakasal sa 'yo. Gagawin ko ang lahat mabayaran ka lang. Bigyan mo 'ko ng panahon."

"Hindi madaling kitain ang limang milyon, Ara. Paano mo ako babayaran? Ibebenta mo ang katawan mo? I heard somewhere that virgins cost the earth. You may look young and innocent, pero alam nating pareho na hindi ka na virgin dahil—"

Hindi na niya pinatapos ang sasabihin nito at sinampal ang lalaki. "Bastos ka!"

Nakita niyang natauhan si Monjour at nangislap ang mga mata nito. Napapaling ito sa lakas ng pagkakasampal niya.

“Umalis ka na! Umalis ka na habang kaya ko pang magtimi,” madiing sabi niya.

“Baka sabihin mo unreasonable ako. Sige, Ara. Bibigyan kita ng palugit para bayaran ang limang milyon na utang mo. Ikaw na ang magdikta kung gaano katagal. Kontakin mo ako pag nakapagdesisyon ka na.”

Nanghihinang napaupo si Ara nang makaalis ang lalaki. Nang marinig niyang umandar ang sasakyan sa ibaba ay pinakawalan niya ang kanina pa pinipigilang luha. Kahit kailan ay hindi niya naramdaman na nirespeto siya ni Monjour.

Ilang taon na ang lumipas, pero parang hindi pa rin ito nagbabago. At apektado pa rin siya.

Hindi pa rin yata siya nakaka-move on.



“Gago ka, pare. Bakit mo sinabi iyon? Siyempre, sasampalin ka talaga ni Ara.” Napailing si Rence.

Oo, gago talaga siya. Nasaktan niyang muli si Ara kahit ipinangako niyang hinding-hindi na iyon gagawin. Sinabi niya sa sarili na nagawa niya lang iyon dahil nasaktan ang pride niya na tinatanggihan

siya nito.

“Nasaktan lang din ako, p’re, sa mga sinabi niya kanina,” katuwiran niya matapos tunggain ang alak na inorder nilang magkaibigan. Hindi niya alam kung nakailang tagay na siya pero pakiramdam niya ay hindi siya tinatablan ng alcohol.

“Tingin ko, mas nasaktan si Ara sa mga sinabi mo. Paano ’yan, papayag pa kaya ’yon ngayon na mapangasawa ka?”

Hindi siya makasagot.

“Jour, hindi lahat ng babae ay parang negosyo na kapag ginusto mong mapasayo ay makukuha mo agad. Ikaw na rin ang nagsabi na hindi madaling kalimutan ang mga naging kasalanan mo sa kanya kahit pa sabihin nating matagal na panahon na ’yon. Huwag mong gamitin ang pagkatuso mo sa negosyo sa usapang puso kasi ako na ang nagsasabi sa ’yo, hinding-hindi ka magtatagumpay.”

Nanatili lamang siyang walang-imik habang nagsasalita si Rence.

Tama ito. Naging kampante siya at mayabang. Ang buong akala niya kasi ay madali niyang mapapapayag si Ara sa gusto niya. Inisip niyang magpapasalamat ito sa kanya at tatanggapin ang alok niyang kasal.

Hindi niya inaasahan na ipapamukha nito sa kanya na hindi siya karapat-dapat na maging asawa nito.

Naramdaman niyang tinapik ni Rence ang braso niya. “Hayaan mo. Susubukan kong kausapin si Ara bukas pagkatapos ko sa opisina.”

“Salamat, p’re,” aniya.

“Tama na ang inom. Hinahanap na ako ni Misis. Idadaan na kita sa hotel mo bago ako umuwi.”



Nagpunta si Ara sa bahay ng kaibigang si Greg dahil dinala niya ang ipinangakong cake na regalo niya sa panganay nitong anak na babae. Magbi-birthday kasi ang bata kinabukasan at iyon ang hiniling nito sa kanya.

“Salamat dito sa chocolate cake, Ara. Ikaw talaga, lagi mo na lang ini-spoil ang pamangkin mo,” sabi ng first cousin niyang si Mina na napangasawa ni Greg. Dalawa na ang anak ng mga ito. Lalaki ang bunso.

“Hindi naman. Saka natutuwa ako pag nagrequest si Georgie sa akin.” Georgianna ang pangalan ng batang babae.

“Mag-asawa ka na kasi para magkaroon ka na rin ng baby,” tukso ng pinsan niya bago ito tumayo.

“Maiwan ko muna kayo. Ilalagay ko na sa ref itong cake at titingnan ko na rin kung tulog na iyong dalawang bata.”

Natahimik si Ara nang umalis sa sala ang pinsan niya.

*Mag-asawa?* Sino ang aasawahin niya? Si Monjour? Tiyak na paluluhain lang siya ng lalaki dahil sa mga kataksilan nito. Mabuti kung hindi siya selosa tulad ng pinsang si Mina. Hanga talaga siya sa babae dahil parang balewala rito ang mga nagpapakita ng motibo kay Greg—mga pasyente, mga katrabaho, mga kakilala—kahit alam na may asawa na ang lalaki. Talaga bang ganoon kalaki ang tiwala nito kay Greg?

Kahit kailan, hindi niya naramdaman na pinagselosan siya ni Mina gayong alam nito na dati niyang boyfriend ang asawa nito. Sino nga ba ang mag-aakala na magiging cousin-in-law niya ang makulit na ex-boyfriend?

Nang magtanong si Greg kung ano ang problema ay sinabi niya rito ang nangyari noong isang araw.

“Talaga? Binayaran ni Monjour ang utang ninyo kay Mr. Dela Torre?” manghang tanong ng kaibigan.

Tango lang ang sinagot niya.

“Ibang klase rin. Ano naman daw ang kapalit?”

Wala siya sa mood na makipag-usap at gusto na niyang magpaalam sa mag-asawa para umuwi (kaya lang ay hindi pa bumababa ulit si Mina) pero sadyang makulit at mausisa ang lalaki kaya napilitan siyang sabihin dito ang totoo.

“Gusto niyang pakasalan ko siya,” maiksi niyang sagot.

Tumawa si Greg. “Iba talaga ang tama sa ’yo ni Monjour, ano? Akalain mo, handa siyang maglabas ng kahit gaano kalaking pera mapasakanya ka lang ulit.”

Umismid siya. “Hah! Ang sabihin mo malungkot siguro ang buhay niya at gusto niya akong idamay.”

“Baka naman totoong mahal ka niya. Isipin mo, halos walong taon na ang lumipas, pero mukhang hindi ka pa rin niya nakakalimutan.”

“Ewan.” Bumuntong-hininga si Ara.

“Hindi mo ba na-consider na kaya niya ginagawa ito ay para makabawi sa lahat ng kagaguhan niya noon? Para mapatawad mo siya at bumalik ka sa kanya.”

“Bakit ba pakiramdam ko ay kinakampihan mo



si Monjour?” Sumingkit lalo ang mga mata niyang itinutok dito.

“Hindi ko siya kinakampihan. Ang akin lang, try mo rin ’yong offer niya. At least, hindi ka na kayod kalabaw, nabayaran mo pa ang utang mo. Kesa magmatigas ka d’yan kahit hirap na hirap ka na,” paliwanag nito.

“Magpapakasal ako sa kanya?” Napapikit si Ara at napailing-iling.

“Wala ka na ba talagang nararamdaman para sa kanya? Tingin ko kasi kaya hindi ka makapag-decide, eh, dahil mahal mo pa rin ’yung tao,” tudyong nito.

“Gago!” Hindi napigilan ni Ara ang bibig niya. Masama ang tingin na ibinaling niya kay Greg. “Wala na akong gusto sa kanya, ’no?”

Noon bumalik si Mina sa sala at sumabat sa usapan nila. “Nag-aaway na naman kayo?” Umupo ito sa tabi ng asawa. “At walang gusto kanino?”

Nanunukso ang ngiti ni Greg nang akbayan nito ang asawa. “Itong si Ara. Nililigawan ulit ng ex-boyfriend niyang taga-Manila. Kaso ayaw na raw niya. Kunwari pa.”

“Iyon ba iyong lalaking sinasabi mong ipinalit ni Ara sa ’yo noon?” tanong ni Mina at napahalakhak

si Ara.

“Aray naman!” daing ni Greg na kunwari’y na-offend at hinawakan ang dibdib nito. “Dahan-dahan naman, love. Nakakawasak ka ng ego.”

Napailing lang si Mina sa arte ng asawa. Pahapyaw na ikinuwento rito ni Greg ang napag-usapan nila habang wala ito. Napatuwid ng upo si Ara nang balingan siya ng pinsan.

“Hoy, Ara, akala mo hindi ko napapansin na wala kang pinagbibigyan sa mga nanliligaw sa ’yo. Dalawa na ang anak ng kapatid mong si Ashley, eh, single ka pa rin. Kung nabubuhay ang nanay mo, hindi niya gugustuhin na magkaganyan ka sa pagtatrabaho huwag lang mawala ang bahay at lupa n’yo,” komento ng babae. “Kung talagang ayaw mo na sa ex mo, ibenta mo sa kanya o sa ibang tao ang bahay at lupa para mabayaran mo siya.”

“Naisip ko din iyon. Pero hindi lang naman sa ’kin ang bahay at lupa. May parte rin doon si Ashley. Kahit na umabot pa sa limang milyon o mahigit ang presyo n’on... kakaunti na lang ang maiwan sa kapatid ko. Ayos lang kahit wala nang matira sa ’kin. May trabaho naman ako. Pero unfair kay Ashley kung magiging makasarili ang desisyon ko,” sentimyento niya.

“Kung may feelings ka pa sa ex mo, huwag mo na siyang pakawalan,” payo ni Mina.

Umismid si Greg. “Sabagay, sa pagkakilala ko sa ’yo, Ara, hindi ikaw iyong tipong nakakalimot at nagpapatawad. Kaya malabo nga siguro na may nararamdaman ka pa kay Monjour. Huwag mo nang pag-isipan pa. Ibaba mo na ’yang pride mo at tanggapin mo na ang offer niya.”

Parang natauhan siya sa mga sinabi ng mag-asawa.

“At least, kilalang-kilala mo na si Monjour. Kung lokohin ka man niya ulit, hindi ka na magtataka dahil dati mo nang alam na ganon talaga ang ugali niya. Isa pa, walang siguradong bagay sa mundo, Ara,” dugtong ni Greg nang hindi siya umimik.

“Paano kung mahulog na naman ako sa kanya at masaktan na naman ako?” Napatingin siya sa mag-asawa at nagkatinginan ang mga ito.

“Mukhang nasasaktan ka na ngayon pa lang, Ara,” sabi ni Mina. “Tingin ko, tama ang sinabi ng asawa ko. Mahal mo pa rin ang ex-boyfriend mo.”

Greg gave Ara a smug look.

“Sabihin nating ganoon nga. Paano kung lokohin niya lang ako ulit? Lalo na’t parang business arrangement lang itong kasal na alok niya.”

“Nasa kondisyon ba na hindi mo siya puwedeng iwan kahit manloko siya?” tanong ni Mina.

Umiling si Ara. “Wala pa kaming napag-uusapan na mga kondisyon.”

“Puwes linawin mo ang bagay na ’yon sa kanya. Na hindi ka magdadalawang-isip na iwan siya kapag *nahuli* mo siya.” Pero hindi sa kanya nakatingin ang pinsan kundi sa asawa nitong si Greg na ngayon ay alangan na ang ngiti.

Nagpaalam na si Ara sa mga ito bago pa lalong humaba ang usapan.



“Pumapayag na akong magpakasal sa ’yo. Pero may mga kondisyon ako.” Pinapunta niya si Monjour sa bahay niya para sabihin ang desisyon niya. “Sabihin mo lang sa ’kin kung hindi ka payag. Ibebenta ko ang bahay at lupa para mabayaran ka. Kung kulang ang mapagbentahan—”

“Payag ako!” sabi ni Greg hindi pa man naririnig ang mga kondisyon niya. “Hindi mo kailangang magbenta ng kahit ano. Pero may mga kondisyon din sana ako, Ara.” Nabigla siya nang yakapin siya nito nang mahigpit. Parang na-miss niya ang pakiramdam na makulong sa mga bisig nito. “Thank you.”

Hindi pa kasi ito nakakaupo at kapapasok lang nito sa bahay nang sabihin niya ang kanyang pasya. Pareho pa silang nakatayo malapit sa pintuan.

Bahagya niya itong itinulak para kumalas sa yakap nito at naglakad siya patungo sa sala. Sumunod sa kanya ang lalaki.

Ilang gabi rin siyang halos walang tulog dahil sa kaiisip kung tama ba itong gagawin niya.

Inaya niya itong maupo. “Ang unang kondisyon ko, magiging faithful ka buong panahon na mag-asawa tayo. Magpagawa ka ng kasulatan sa abogado mo na iiwan kita pag napatunayan kong niloko mo ako.”

“I promise that this time will be better, Ara. Pangako, hinding-hindi na mauulit ang nakaraan,” saad ni Mon. “At habambuhay tayong magsasama. Hindi ako papayag na mawala ka pa sa ’kin.”

“Ang pangalawa kong kondisyon ay babayaran ko pa rin ang limang milyon na utang ko sa ’yo kahit mag-asawa na tayo. Ayokong maramdaman na ipinagbili ko ang sarili ko sa ’yo.”

Tila nag-isip ang lalaki bago ito sumagot. “Bahala ka. Ilagay na lang natin sa bangko para sa mga magiging anak natin. I’m just so happy that you agreed to marry me.”

Parang totoong masaya ito. Hindi pa rin siya sigurado hanggang ngayon kung ano ba ang motibo ni Monjour sa pagbalik nito sa buhay niya, kung bakit siya ang inalok nito ng kasal.

“And last but not the least, gusto kong dito pa rin tumira sa Cebu kahit mag-asawa—”

“What do you mean?” Napatayo ito. “Kasal lang tayo pero hindi tayo magsasama? Ara—”

“Patapusin mo muna ako, Jour. Ang gusto ko, dito tayo titira sa bahay na ito. Iyon ay kung gusto mo talagang makasal sa 'kin.”

“Oh! God, Ara...” Parang nanghihina itong napaupo muli sa sofa. “Payag ako. Pero since wala ka nang parents dito, sana pumayag ka rin na sa Maynila muna tayo. Gusto kong ipakilala ka sa mga magulang ko. We'll stay there hanggang sa maikasal tayo at hanggang sa maayos ko ang lahat ng kailangan sa opisina so I can work from here. Ilang buwan lang naman iyon. Please?”

Sa haba ng sinabi ni Monjour, may isang pinakarumehistro sa pandinig niya. In-assume ba nito na wala nang pareho ang parents niya? Hindi na siya nagtanong pa dahil ayaw niyang pag-usapan ang tungkol sa kanyang ama.

“Okay lang. Sa laki ng utang ko sa 'yo—”

“Sana huwag mo nang laging babanggitin iyan. Bilang future husband mo, tungkulin kong tulungan ka sa lahat.” Bumuntong-hininga ito, tila inihahanda ang sarili sa susunod na sasabihin. “Isa lang talaga ang pakiusap ko, Ara.”

“You mean kondisyon mo,” sabi niya. “Ano ba ’yon?”

Ewan ni Ara, pero pero sa klase ng tingin nito ay nagtaasan ang maliliit na balahibo niya sa batok.

“Gusto kong gampanan mo ang pagiging asawa mo sa ’kin.”

*Sinasabi ko na nga ba, eh!*

Inaasahan na talaga niya iyon mula rito. Bakit hindi? Kahit noong nobyo pa lang niya ito, sobrang compatible na sila pagdating sa bagay na iyon. Pero naiilang pa rin siya. Umiinit ang mukha niya at alam niyang pulang-pula na siya ngayon. At parang may daan-daang paruparong nagliliparan sa kanyang puson.

“A-alam ko ang magiging responsibilidad ko bilang asawa mo. Hindi ko ipagkakait ang bagay na ’yon sa ’yo,” mahina pero maliwanag na saad niya.

Hindi alam ni Ara kung bakit parang nae-excite siya. Gusto niyang tuktukan ang sarili. Nahihibang na siya.



Hindi pa dumarating ang bride sa simbahan kaya hindi mapakali si Monjour. Ayaw niyang isipin na tinakasan siya ni Ara. Kahit saan pa ito magtago, hahanapin niya talaga ito! It was an evening wedding and the ceremony was supposed to start at 4:30 PM.

*Fifteen minutes na lang...*

“Kalma, Kuya!” sabi ng kapatid at best man niyang si Monjover. Napansin siguro nitong hindi siya mapakali sa kinatatayuan. “Masyado kang atat. Siguradong na-traffic lang ’yon kaya wala pa.”

Sasagot na siya nang sumabat ang Junior nilang sakit sa bumbunan. Ayaw nitong sumali sa entourage, pero ngayon ay nakikitayo ito sa tabi nila. Parang dalawa tuloy ang best man niya.

“Alam mo, Monjour, kung tatakasan ka ni Ara, ginawa na sana niya bago ang araw na ito. Sa tingin mo ba, hahayaan ni Mama at ng mga tiyahin natin na makaalis pa si Ara sa paningin nila? Kumalma ka nga d’yan. Ang sakit mo sa mata. Nahihilo ako sa ginagawa mo,” sermon nito.

“Hoy, Monico, kuya mo ako. Huwag mo akong tinatawag sa pangalan ko. Bumalik ka na nga lang sa upuan mo bago maubos ang pasensya ko sa ’yo,”



asar na sagot niya. “At magtino ka na.”

Tumawa ito na parang namimikon. “Para namang ang titino n’yo. Pareho lang naman kayong iniwan ng mga babaeng mahal—”

“Nand’yan na daw si Ara sa labas,” bulong ni Monjover at agad na napatutok ang mga mata niya sa mga nakasarang pinto ng malaking simbahan.

Kumabog ang dibdib niya, parang teenager na hinihintay ang paglabas ng kanyang crush. Nasasabik na siyang makita muli ito kahit na halos lagi naman silang magkasama habang pinaghahandaan ang araw ng kanilang kasal.

Ito na ang pinakahihintay niyang pagkakataon.

Pumailanlang ang kanta ng *Westlife* na *Beautiful in White*. Napaka-common ng kanta sa mga kasalan, but the song never got old. Siya ang nag-insist na iyon ang gawing background music habang naglalakad si Ara sa mahabang aisle. Ito kasi ang naiisip niya tuwing naririnig ang nasabing kanta. Actually, pinapili niya si Ara kung iyong *Beautiful in White* ang gagawin nilang background or magha-hire siya ng violinist, cellist, at pianist na tutugtug ng *Canon in D* ni *Pachelbel* para sa kasal nila. Kung alin daw ang mas mura, sabi ng fiancée.

*Not sure if you know this*

*But when we first met  
I got so nervous I couldn't speak  
In that very moment  
I found the one and  
My life had found its missing piece*

Naala niya ang unang pagkikita nilang dalawa. She was running away from her ex-boyfriend and barged in on him while he was doing something naughty in the bathroom.

Hindi niya agad nalaman na ito pala ang babaeng bubuo sa kulang sa pagkatao niya. Kung hindi pa ito nawala sa kanya ay hindi niya malalaman ang halaga nito sa buhay niya. Nang magkahiwalay sila, akala ni Monjour mahahanap niya sa ibang babae ang espesyal na bagay na mayroon sila. Pero lagi siyang bigo...

*And from now 'til my very last breath  
This day I'll cherish  
You look so beautiful in white  
Tonight*

Naalala ni Monjour ang kasal-kasalan sa kanilang campus. Dapat noon pa lang ay alam na niyang si Ara ang babaeng gusto niyang pakasalan. Itinago niya ang souvenirs mula sa fake wedding na iyon—the red ribbon that she tied around his

finger, their wedding photos...

Ngayon ay nasa harapan na niya ang kanyang magandang bride at gusto niyang maiyak sa halo-halong emosyong nararamdaman. Sobrang saya niya. Ito ang babaeng pag-aalayan niya ng kanyang pangalan.

Ara looked like she was about to cry. Alam ni Monjour na labag sa loob nito ang pakasalan siya, pero gusto niyang maniwala na hindi lungkot ang nababanaag niya sa mga mata nito. Basta, gagawin niya ang lahat para maging matagumpay ang kanilang pagsasama.



Ginanap ang reception sa malawak na hardin ng mansion ng mga Maniquis. Ang sabi ni Monjour, doon muna sila titira sa bahay ng mga magulang nito habang nasa Manila sila. Sinabi niya kasi rito na wala siyang balak tumuloy sa condo unit nito. Sinabi ng lalaki na matagal na nitong naipagbili iyon. Hindi na siya nagtanong pa.

Dumalo sa kasal ang kapatid niyang si Ashley dahil kinuha niyang flower girls ang dalawa nitong anak. Ginawa ni Ara iyon dahil nag-aalala siya na hindi ito pumunta sa kasal niya. Mas galit pa nga ito kay Monjour dahil sa mga nangyari noon

kumpara sa nanay nila. Gusto niyang mapanatag ang loob ng kapatid at huwag na rin itong magalit sa lalaki na asawa na niya ngayon.

“Ate, aalis na kami,” paalam ni Ashley nang lumapit ang mag-anak nito sa mesa nila ni Monjour. Taga-Cavite ang napangasawa nito at doon uuwi ang mag-anak. “Inaantok na ang mga bata.” Karga ng asawa nitong si Geo ang bunsong anak ng mga ito.

“Ah, sige.” Tumayo si Ara at nagpaalam sa katabing asawa. “Jour, ihahatid ko muna sila sa labas.”

Pero nakatayo na rin ang lalaki. “Sasamahan ko na kayo.”

Naglalakad na sila papunta sa garahe nang may lumapit kay Monjour at sabihing paalis na ang paring nagkasal sa kanila na kamag-anak din ng mga ito.

“Sige na, ikaw na lang do’n. Ako na’ng bahala kina Ashley,” sabi ni Ara.

Parang nag-aalangan na iniwan siya ng asawa.

Naglakad sila papunta sa kotse ng mag-anak. Isinakay ni Geo ang mga bata at naiwan silang magkapatid para makapag-usap.

“Ate, kailan ba kayo nagkabalikan ni Monjour?”

tanong nito.

“Kuya na ang dapat mong itawag sa kanya,” paiwas na sagot niya. “Mahabang istorya. Namalayan ko na lang, kami na ulit.”

Kabilin-bilinan niya kina Greg at Mina na huwag sasabihin kay Ashley ang tungkol sa kasunduan nila ni Monjour.

“Siguro nga talagang destiny mo siya, ’Te, ano?”

*Kung hindi lang sana tayo lugmok sa utang, malabong maging destiny ko siya.*

“Baka nga, Ash,” sabi na lang niya.

Sa totoo lang ay hindi siya naniniwala sa destiny-destiny na iyan! Walang destiny. Ang destiny ay isang malaking pagpipilian sa buhay. Siya ang nagdesisyon na magpakasal kay Monjour, hindi ang kapalaran. Kung hindi siya baon sa utang, hinding-hindi niya pupulutin ang bato para ipukpok lang sa sariling ulo.

“Mahal mo pa rin siya, Ate?” Nabigla siya sa tanong ng kapatid.

*Hindi din usyusera ang isang ’to.* “Hindi naman nawala,” sagot niya at pinasakay na ito sa kotse nang matanaw na parating ang kanyang asawa.

# 6

**K**anina pa siya sa banyo at tapos na siyang maligo. Lahat ng dapat sabunin ay nahagod na niya ng sabon. Wish niya lang na sana ay huwag siyang mapanot sa ginagawa niyang pagsa-shampoo.

Hindi niya alam kung gaano katagal siya sa harap ng salamin habang nagto-toothbrush. Manhid na yata ang dila niya sa lasa ng menthol. Tensyonado siya at nag-iisip kung ano pa ang puwede niyang gawin para hindi muna lumabas ng banyo sa kuwarto nilang mag-asawa. Sigurado siyang naghihintay na sa kama nila ang lalaki.

Hindi naman ito ang unang beses na makikipagtalik siya rito. Iyon nga lang, ngayon

lang ulit ang magiging sexual experience niya pagkatapos ng lumipas na pitong taon mahigit. Kung bakit wala siyang ibang pinahintulutang gumalaw sa katawan niya sa ganoong katagal na panahon...

Siguro naging busy lang talaga sa maraming bagay—sa pamilya, sa trabaho, sa pagbabayad ng utang.

Masisisi ba siya ni Monjour kung umaarte siya na parang virgin sa mga oras na ito? Tiningnan niya ang kanyang mukha sa salamin. Parang namumutla siya. Kanina pa niya ineensayo ang reaksyon na iniisip niyang dapat makita sa kanya mamaya ni Monjour paglabas niya.

“Smile konti...” kausap niya sa sarili at dahan-dahang pinangiti ang mga labi. “Perfect!”

Huminga muna si Ara nang malalim bago pinihit pabukas ang seradura at saka dahan-dahang naglakad patungo sa bedroom. Pinakikiramdaman niya kung ano ang ginagawa ng nakahigang si Monjour nang makarinig ng isang malakas na hilik.

Nasundan pa iyon nang nasundan kaya nagpasya siyang lapitan ang kama.

Payapang natutulog ang lalaki habang ang isang kamay ay may hawak na libro.

*Mukhang nakatulog siya habang nagbabasa.*

Lumapit pa siya sa asawa at maingat na kinuha ang librong nakapatong sa dibdib nito saka ito kinumutan. Muntik na siyang mapatakbo palayo dahil sa gulat nang gumalaw ito at nagsalita nang hindi niya maintindihan.

“Nagsasalita pa rin siya kapag tulog,” bulong niya. Napangiti siya sa mga alaalang dumaloy sa kanyang isipan. “Nakatulog ka ba sa kakahintay sa ’kin?” mahinang tanong niya nang matiyak na mahimbing na ito. “You deserved that. Kung alam mo lang ang kaba ko pag naiisip ang gagawin mo sa ’kin ngayong gabi,” natatawa niyang sabi at lumayo na rito.

Doon na lang muna siya matutulog sa sofa sa dulo ng kama. Baka magalaw ang higaan at magising si Monjour nang wala sa oras kung tatabi siya rito.



Alas cinco pa lamang ay gising na si Ara. Nakasanayan na niya iyon sa probinsya. Bumaba siya para magkape. Sigurado siyang naroon na sa kusina si Manang Jocelyn, ang mayordoma.

Binati siya nito ng magandang umaga. Mukhang tapos na itong magluto at inihahanda na



ang mga ihahain.

“Good morning po. Gising na po ba si... ang Mama...” *ni Monjour?* Maaga rin kasing gumigising ang ginang at buong panahong nandito siya sa mansion habang pinaghahandaan ang kanilang kasal ay madalas niya itong nakakasabay mag-agahan.

“Maaga po silang umalis ni Señor, para naman daw po masolo ninyong bagong mag-asawa itong bahay.”

“Po? Hindi naman nila kailangang gawin iyon. Saan po sila nagpunta?” Tumayo siya sa likuran ng isa sa mga silyang nakapalibot sa bilog na mesa sa kusina.

“Sa townhouse po nila sa Baguio. Magbabakasyon na rin,” nakangiting sagot ni Manang Jocelyn.

Hindi tuloy alam ni Ara kung mali ang desisyon niya na huwag pagbigyan si Monjour nang magtanong ito kung saan niya gustong mag-honeymoon. Hindi nga lang out of the country dahil expired ang passport niya.

“*Bakit pa ba kailangan ng honeymoon? You’re just going to f\*ck me anyway.*”

“*Stop using that word. We make love. At magha-*

*honeymoon tayo para magbakasyon. Wala ka bang naiisip na gusto mong lugar?”*

Honeymoon? Tinulugan nga lang siya nito kagabi. Hindi naman sa masama ang loob niya, pagkumbinsi niya sa sarili.

Napaigtad siya sa gulat nang may yumakap sa kanyang mula sa likuran.

Agad silang iniwan ni Manang Jocelyn matapos mag-good morning sa lalaki.

Nag-init ang mga pisngi ni Ara lalo na nang higpitan ni Monjour ang pagkakapulupot ng mga bisig nito sa kanyang baywang.

“Tinulugan kita kagabi?” mahinang tanong ng asawa sa bandang tainga niya at naramdaman niya ang mainit nitong hininga.

Tumango siya saka marahang tumawa para palisin ang kabang nadarama. “Huwag kang mag-alala, hindi ko naman ipagsasabi iyon sa iba.”

Naramdaman niyang tumawa rin ito dahil bahagyang yumugyog ang katawan ng lalaki.

“Maliligo lang ako. Babawi ako sa nawalang pagkakataon kagabi.” Kumalas ito sa pagkakayakap sa kanya, pero bago tuluyang umalis ay iniharap siya nito at ginawaran ng mariing halik ang kanyang mga labi. “That’s your good morning kiss.”

Naiwan siyang namumula ang mukha at nabibingi sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib. Sweet talaga si Monjour kahit noong boyfriend pa lang niya ito, pero bakit ba sobra siyang apektado ngayon? Dahil ba asawa na niya ang lalaki?

Nakagat niya ang labi, pinipigilan ang nararamdamang kilig. Kapag laging ganito ang asawa, baka makalimutan niyang mag-ingat at masaktan na naman siya rito.



Pagkatapos ng dalawang linggo, bumalik na sa opisina si Monjour. Madalas ay isinasama siya nito, ipinapakilala sa mga empleyado, tinuturuan sa mga trabaho nito at sa mga pasikot-sikot sa kumpanya. Pero may mga pagkakataon din na naiwan si Ara sa bahay na mga katulong ang tanging kasama. Inaabala na lang niya ang sarili sa online job niya.

Ngayon nga ay mag-a-alas-doce na ng hatinggabi ay hindi pa rin ito dumarating. Napakaaga nitong umalis kanina, halos hindi na nga nakapag-almusal.

Nakakaramdam na si Ara ng antok kaya inilatag na niya ang sarili sa malapad na kama. Ilang sandali pa ay nakatulog na siya.

Nagising na lang siya sa pakiramdam na parang

may humahalik sa kanyang mukha.

“J-Jour?” mahina niyang anas. Antok na antok pa ang kanyang diwa.

“Hi, love,” mahina nitong usal.

Mukhang kalalabas lang nito sa shower. He smelled so fresh... and manly. Sabagay, kahit isang buong araw na ang lumipas ay mabango pa rin ito.

“Kadarating mo lang?” tanong niya, nakapikit pa rin ang mga mata.

“Medyo.”

“Gutom ka ba? Ipaghahain ba kita?” Kahit inaantok ay babangon siya para mapagsilbihan lamang ang asawa.

“Hindi ako gutom sa pagkain...” sabi nito saka ibinaon ang mukha sa leeg niya. “Gutom ako sa ‘yo.”

Noon siya tuluyang nagising at naramdaman na wala itong suot na kahit ano. Magsasalita sana siya nang sakupin nito ang kanyang mga labi. Magaan at malumanay ang mga halik nito, na tila ba mababasag siya. Tinugon niya ang maiinit nitong halik. Ibinuka niya ang bibig para pagbigyan ang dila nito.

“So sweet,” anas ni Monjour sa mga labi niya. Nagmamadaling inalis nito ang manipis niyang

pantulog at ang kanyang panloob na halos mapunit ang mga iyon.

Ibinaba nito ang ulo para halikan ang pagitan ng kanyang dibdib habang naglumikot ang mga daliri nito sa pagitan ng kanyang mga hita. Napasinghap si Ara.

Inilapat nito ang dila sa tuktok ng isa niyang dibdib at sinipsip iyon pagkatapos. Napaungol siya lalo't hinahagod na ng hinlalaki nito ang ubod ng kanyang pagkababae.

“Jour...”

Tinikman nito ang kabila niyang dibdib habang minamasahe ang umbok na iniwan nito. “You’re so sexy.”

Naglabas-masok ang daliri nito sa lagusan niya at hindi napigil ni Ara ang makarating sa sukduhan. “Ah, ah, ah!”

“That’s as much foreplay I can give you right now, love.” Pagkasabi niyon ay itinutok nito ang sandata sa kanyang lagusan.

And then, he was thrusting fast and hard while his lips were on hers. Pero ilang sandali lang ay naiputok na nito sa pinakaloob niya ang lahat ng pagnanasa nito kani-kanina lang. Gumulong ito paalis sa ibabaw niya at niyakap siya hanggang sa

pareho na silang nakatagilid ng higa.

“I’m sorry. Babawi ako next time. Hindi ko na talaga napigilan. I was so hot for you... at basang-basa ka...” Mayamaya pa ay naramdaman niyang nakatulog na ito.

Lihim siyang napangiti. Humingi ito ng kapatawaran sa tingin nito ay hindi patas na laro nila ngayong gabi. Kahit kailan ay hindi ito naging selfish sa kanya pagdating sa sex. Monjour was a generous lover. Lagi nitong sinisigurado na nasisiyahan din siya sa ginagawa nilang dalawa. Iniisip yata nito na hindi siya kuntento ngayon.

“Babawi ako...” ulit nito.

“Oo na. Now sleep,” sabi niya kahit alam niyang tulog na ito kanina pa.



Dahil sa malambing na pakikitungo ni Monjour sa kanya ay unti-unting nabubuwag ang pader na pilit itinatayo ni Ara sa pagitan nila.

Nagtaka siya nang alas ocho na ay hindi pa ito bumabangon. Nag-alala siya na baka masama ang pakiramdam nito.

“Hindi ka ba papasok sa trabaho?” tanong ni Ara. Iling lamang ang isinagot ng lalaki. “Baka hanapin ka ng mga empleyado mo?” Ang totoo ay

masaya siya kung sa bahay lang ito ngayong araw.

“Kaya na ’yon ni Monjover.” Hinila nito ang kamay niya at napahiga siya sa kama. Niyakap siya nito nang mahigpit.

Paano ba niya pananatilihing matigas ang loob kay Monjour kung lagi itong ganito?

“Ano’ng gagawin mo dito sa bahay kung di ka papasok?”

“Ito. ’Yong ganito.” He kissed her on the lips. “Tapos ganito pa.” Hinigpitan pa nitong lalo ang yakap sa kanya.

“Naiipit ako... d-di ako maka—”

“Oh. Sorry, love,” sabi nito saka pinupog ng halik ang kanyang buong mukha.

Napangiti siya pero kunwa’y nagreklamo. “Tama na. Pinapaliguan mo lang ako ng laway, eh.”

“Bakit? Mabango naman ang laway ko, ah. Puwede mo pa ngang gawing pabango.”

“Yuck! Kahit kailan kadiri kang talaga.”

“Sus! Kapag naghahalikan tayo, sinisipsip mo pa nga ang laway ko.”

Lalo siyang nandiri. Totoo naman iyon, pero hindi na kailangang sabihin pa nito ang ganoong detalye.

“Ang baboy mo,” aniya na ikinatawa nito nang

malakas. “Umalis ka na nga sa ibabaw ko, babangon ako,” taboy niya rito.

“Ayaw ko!”

“Maghahanda na ako ng pagkain natin. Sabi ko kay Manang Jocelyn, ako ang magluluto,” nakangiti niyang sabi dahil para itong batang nagtatampo.

“Mamaya maliligo tayo sa pool, ha. ’Tapos babawi ako sa ’yo.” May pilyong ngiting sumilay sa mga labi ng asawa.

“Oo, sige na. Libog mo talaga,” biro niya.

“Matagal na,” pag-amin nito at nagkatawanan silang dalawa.

Nang hindi rin pumasok sa opisina ang asawa nang sumunod na araw ay maaga niya itong ginising at niyaya itong mamalengke. Na-miss na niyang gawin iyon. Medyo matatagalan pa bago sila makabalik ng Cebu dahil may inaasikaso pa si Monjour sa opisina.

“Ha? Hindi ako marunong mamalengke,” sabi nito dahilan para matawa siya.

“Sasamahan mo lang ako.”

“Alam ko na kung bakit mo ako gustong isama.”

“Bakit?” tanong niya.

“Para may driver ka at tagabuhat ng mga dadalhin mo.”



Napabungisngis si Ara sa sinabi nito. “Sira. Gusto ko lang makita mo kung paano mamalengke ang mga katulad kong mahirap.”

“Sige na nga, iisipin ko na lang na nagdi-date tayo katulad noong bago pa lang kitang girlfriend,” sabi nito.

“Nag-date ba tayo noon? Di ko maalala,” pang-aalaska niya. “Di ka naman sweet sa akin noon.”

Tumayo na ang asawa mula sa kama. “Tara na nga. Baka kung saan pa mapunta itong usapan.”

Natawa siya at sinabing hihintayin na lang niya ito sa ibaba.

Sinabihan niya ang asawa na magji-jeep o tricycle lang sila. Gusto niyang maranasan nilang dalawa ang mga bagay na hindi nila nagawa nang magkasama noong magnobyong pa lang sila. Rich kid kasi ito.

“Alam mo, ang tagal kong pinangarap ang ganitong tagpo. ’Yong kasama ka na naglalakad, magkahawak-kamay tayo, inaalalayan kita, nagtatawanan tayo. Pakiramdam ko natutupad lahat iyon araw-araw na magkasama tayo,” sabi nito habang binabaybay nila ang hilera ng mga nagtitinda ng gulay.

She was speechless. Napatigil siya sa paglalakad

at napatitig dito. Ang sabi niya kay Monjour ay mamamalengke lang sila. Wala sa usapan na magsasabi sila ng damdamin sa isa't isa. Hindi siya nakapaghanda.

Napangiti ito habang nakatingin sa mga mata niya. "Hiling ko lang na sana habang-buhay na 'to. I want you to be by my side forever, Ara." Parang sinsero ang lalaki. "I'll wait until you've completely forgiven me. Patutunayan ko araw-araw na nagsisisi na ako sa lahat ng ginawa ko sa 'yo noon." Kinabig siya nito pagkatapos at niyakap siya nang mahigpit.

Hindi niya alam kung ano ang isasagot. Pero sana... sana nga ay lubusan na niya itong mapatawad. Ramdam niyang hindi na siya galit sa lalaki, pero hindi niya pa rin alam kung nakalimutan na talaga niya ang masakit nilang kahapon. Hiling niya lang din na sana ay hindi ito mainip sa paghihintay.

"Tabi!" narinig nilang sigaw ng boses ng isang lalaki at hinila siya ng asawa papunta sa gilid.

Natawa sila pareho nang lumampas ang kargador ng gulay na may mabigat na pasan sa balikat nito.

Nagkatawanan silang mag-asawa. "Ikaw kasi, eh," paninisi niya kay Monjour.

“Sorry. It might be the right time, pero hindi nga tama itong lugar. Sana pumili ako ng mas romantic na setting.”

Nginitian niya ito. “Okay lang. Tara na sa isdaan! Baka wala na tayong maabutang sariwa.”

Naglakad si Ara palapit sa isang tindera ng bangus.

Hindi nagsasalita si Monjour habang nakikipag-usap siya sa tindera pero pag-alis nila sa harap ng ale at naglalakad na sila papunta sa mga magtitinda ng karne ay manghang-mangha itong nagkomento.

“Wow! Seriously? Ganito kamura ang bilihin sa palengke?” tukoy nito sa bitbit na isda.

“Mura pa ba ’yan sa ’yo?” sagot niya. “Nobenta ang kalahating kilo? Paano naging mura iyon?”

“One eighty isang kilo,” sabi nito. Dalawang kilo ang binili niya. “Mahal ba ’yon?” Nakakunot ang noo ni Monjour.

“Palibhasakasimayamankakayanamumurahan ka lang d’yan. Pero para sa ’ming mga laki sa hirap, mahal na iyan. Minsan nga tinatawaran pa ’yan ng mga buraot na namimili, eh.”

“Talaga? I’ve never experienced that.”

“Kaya nga kita dinala rito para maranasan

mong mamburaot,” nakangiti niyang sagot.

Napahalakhak ito.

Hinayaan niya itong bumili ng mga nasa listahan niya. Pag may nagustuhan ang paningin nito ay itinuturo nito sa kanya at kapag um-oo siya ay ito na mismo ang lalapit at makikipagtawaran sa magtitinda.

Ironic talaga ang buhay. Minsan ang mayayamang tao, tuwang-tuwa na sa simpleng buhay ng mga mahihirap.

Kitang-kita niya ang kislap sa mga mata ng asawa. “Sobrang saya mo naman yata,” sita ni Ara.

Tumawa ito. “Oo, grabe. Ang sarap palang mamburaot, ano? Kapag namalengke ka ulit, isama mo ako, ha?”



Naroon sila ni Monjour sa balcony ng silid nila sa second floor at nagpapahangin habang umiinom ng red wine na ayon dito ay good for the heart.

“Nga pala, Ara, sa makalawa ay aalis ako papuntang Japan. Gusto man kitang isama, hindi naman puwede dahil hindi mo pa naipapa-renew ang passport mo. Asikasuhin mo na kasi,” sabi ng lalaki.

“Oo na. Nawala sa isip ko. Hayaan mo, gagawin

ko habang wala ka at susundan kita sa Japan. Magpapatulong ako kay Rose na kumuha ng visa.”

Tumawa ito. “Saka na iyong visa. At saka, bago pa lumabas iyon, nakabalik na ako dito.”

“Gaano katagal ba ang business trip mo?”

“Three days lang siguro. Pag nagkaproblema, one week na ang pinakamatagal.”

Hindi niya ipinahalata ang naramdamang lungkot. “Sobrang importante ba ’yang pupuntahan mo?”

Tumango ito.

“Mag-iingat ka doon.” Ang dami niya pang gustong sabihin at itanong dito tungkol sa lakad nito pero pinigil niya ang sarili. Ayaw niyang pagdudahan ito at magkaroon pa sila ng samaan ng loob bago ito umalis.

“Para hindi ka mainip dito sa bahay, doon ka na muna sa opisina ko magtrabaho habang wala ako. You can use my laptop. Alam na ni Rose na ikaw ang pipirma ng mga maiiwan kong trabaho. Nakapag-issue na kami ng memo tungkol do’n.”

“Sigurado ka ba diyan sa ginawa mong desisyon?” Talagang nagulat siya.

“Bakit hindi? Asawa kita, parte ka na ng pamilya. Dapat may parte ka rin sa kumpanya,”

sagot nito.

Tumaba ang puso ni Ara sa sinabi nito. Ibig bang sabihin ay parte na talaga siya ng buhay nito?

“Okay. Salamat sa tiwala mo.”

“Sobrang laki kaya ng tiwala ko sa galing mo.”

Natawa siya. “Bolero.”

“Hindi, ah,” tanggi nito. Ibinaba nito ang hawak na kopita sa balcony table at hinila siya. Kinuha nito ang hawak niyang kopita at itinabi iyon sa kopita nito. “Yakapin mo nga ako,” lambing nito. Pero ito mismo ang yumakap sa kanya.

Nabalot sila ng katahimikan.

“Hindi ako sanay na masyado kang seryoso, Jour,” komento niya habang nakalapat ang pisngi sa dibdib nito.

“Alam mo ba, noong hiniwalayan mo ako, sobrang gumuho ang mundo ko no’n,” sabi nito.

Hindi siya sumagot at hinintay lang ito kung magpapatuloy.

“Nasaktan ako, totoo. Aminado din akong naging marupok ako noon, mabilis akong mahila ng barkada, at minsan mas pinipili ko sila kesa sa ’yo. Noong mag-text ka sa ’kin noong nasa bar kami, gustung-gusto ko talagang umuwi noon sa ’yo...” Tumigil ito kaya akala niya ay tapos na ang

kuwento nito.

“Bakit hindi mo ginawa? Hinintay kaya kita no’n.” Parang bumalik ang lahat ng sakit dahil sa ipinaalala nito.

“I know. I know that you were waiting for me to come home to you. Kaso mahina ako... Hindi ko magawang umangal sa barkada. Buti pa nga si Richard, nagagawa ka niyang ipagtanggol sa kanila, samantalang ako daig ko pa ang pipi na hindi makapagsalita. Tama ka, dapat magpasalamat ako sa nag-record ng usapan namin nang gabing iyon. In case you’re wondering, it was Seve. Siya ang nagpasa ng voice file kay Richard. At nalaman ko na type ka pala talaga ng gagong iyon.” Naramdaman niyang natensyon ang katawan ni Monjour.

“Kalimutan na natin ’yun,” sabi ni Ara. Ayaw niyang maiyak.

Pero hindi pa tapos si Monjour.

“Dahil sa kagaguhan ko, nawala ka sa ’kin nang matagal na panahon. That’s when I realized na mahal pala talaga kita, na ikaw lang ang may kakayahang kumpletuhin ulit ako. Alam kong kulang ang lahat ng nagawa ko at gagawin pa para burahin ang mga kasalanan ko sa ’yo. But I’m willing to wait. I will prove myself to you again and again. Kahit umabot

pa 'yan sa pagtanda natin, ayos lang. Dahil mahal na mahal kita, Ara.”

Nang pumatak ang luha ni Monjour sa braso niyang nakakawit sa leeg nito, saka lang namalayan ni Ara na pareho na pala silang tahimik na umiiyak.

Kung pagmamahal ang pag-uusapan ay hindi naman nawala ang pagmamahal niya sa lalaki. Oo, nagalit siya dahil sa ginawa nito noon sa kanya, pero ang pagmamahal niya rito ay nanatili lang na nakatago sa kanyang puso. At nag-uumalpas ang pagmamahal na iyon ngayon.

“I’m sorry, Ara. I’m sorry dahil inabot ng pitong taon bago kita hinanap, na pinaabot ko pa nang ganito katagal bago ako nagpursigeng hingin ang kapatawaran mo. Sorry kung naduwag akong harapin ka.” Humigpit lalo ang mga bisig nitong nakayapos sa kanya. “Please stay with me forever and don’t ever leave me again.”

Gusto niyang mangako, sabihing mahal niya rin ito. Pero natatakot siya. Paano kung saktan siya ulit ni Monjour? Hindi na niya alam kung kakayanin pa niyang masaktan ulit.

Sinapo ng mga kamay nito ang kanyang magkabilang pisngi at nagtagpo ang kanilang mga mata. Tinitigan siya nito at ilang segundo pa ay



sakop na ng bibig nito ang kanyang labi. Dama niya ang pag-iingat at pagrespeto ng asawa sa kanya sa matamis na halik nito.

Bawat galaw ng mga labi ng lalaki at bawat haplos ng mga kamay nito ay gumagawa ng maalab na apoy sa kanyang pandama. Napaungol siya nang may mainit na likidong dumaloy mula sa kanyang pagkababae. Kayang gawin iyon ni Monjour sa kanya sa simpleng haplos at halik lang nito.

Pinangko siya ng lalaki at dinala papasok sa kanilang kuwarto. Naramdaman ng kanyang likod ang malambot na latag ng kama. Hinubad nito ang kanyang mga damit at panloob sa pagitan ng paghalik sa kanya. Pagkatapos ay naupo siya sa gilid ng kama at tinulungan niya itong maghubad ng mga suot nito.

Pinagmasdan niya ang muscles nito sa tulong ng mga ilaw na nagmumula sa bedside lamps. Pinaglandas niya ang mga palad sa malapad nitong dibdib, pababa sa abs nito, pababa pa sa ipinagmamalaki nito. He was incredibly big. Unang beses pa lang niya iyong nakita noong nasa college sila ay talagang namangha na siya.

*Ganoon pala iyon, naisip niya noon.*

Hanggang ngayon, kapag nakikita niya ang

kargada nito ay hindi pa rin niya mapigilang mamangha. Noong magdesisyon siyang ibigay rito ang sarili sa unang pagkakataon, nag-alala talaga siya kung kakasya ba o hindi ang ano nito sa pagkababae niya.

Ipinalibot niya ang mga daliri sa matigas nitong ari. Hinawakan nito ang mga pupulsuhan niya at marahan siyang itinulak pahiga sa kama habang nakalapat ang mga paa niya sa sahog. Napaungol siya nang ibaba nito ang isang kamay para hagudin ang pagkababae niya habang sakop nito ang kanyang bibig sa isang madiing halik.

Bumaba ang mga labi nito sa kanyang leeg, sa kanyang dibdib, hanggang sa kanyang puson. Ang bawat daanan ng bibig ay lumilikha ng apoy na lalong nagpapaliyab sa pagnanasang nararamdaman niya.

Aaminin niyang kahit matagal silang nagkahiwalay ay hindi siya naghanap ng ipapalit dito. Ito ang una at umaasa siyang ito na ang huling lalaking makakasama at makakasiping niya.

Mahina siyang napaungol sa kiliting dumaloy sa kanyang kabuuan nang laruin ng dila nito ang perlas ng kanyang pagkababae. Kahit pa gustuhin niyang iiwas dito ang sarili ay hawak siya nito sa

mga balakang.

Then two of his fingers were inside her again. She screamed in pleasure when Monjour removed his digits and used his tongue to f\*ck her instead. Moisture flowed out of her tiny slit and he swallowed her come. He then sucked on her cl\*t. Hindi mawari ni Ara kung saan ipapaling ang kanyang ulo.

“Monjour...” tawag niya sa pangalan ng asawa habang nakasabunot sa buhok nito ang isang kamay at ang isa ay nakakapit sa kumot na hinihigaan.

Tumitirik na ang kanyang mga mata sa sarap na nararamdaman. She was cumming again. Hindi na niya napigilang kumawala ang malakas na halinghing. Baka naririnig na siya sa buong mansion.

Mariin ang pagkakapikit ng kanyang mga mata. Sa naabot na mga sukdulan, parang nanghihina ang kanyang buong katawan sa dami ng katas na lumabas galing sa kanyang pagkababae.

Tumayo si Monjour mula sa pagkakaluhod sa tabi ng kama at inayos ang puwesto niya sa gitna ng higaan. Tumabi ito sa kanya pagkatapos.

“Are you okay?” he asked.

Tumango siya at binigyan ito ng maikling halik

sa labi. Talagang nanghina siya sa ginawa nitong pagpapala sa kanya kanina. Pero gusto niyang paligayahin din ito.

“It’s your turn now.” Mas paos yata ang boses niya.

Nakatagilid sila, paharap sa isa’t isa. Wala halos espasyo sa pagitan nila, napaka-intimate ng kanilang ayos. Ipinosisyon nito ang sarili sa lagusan niya at mabagal na naglabas-masok. He let out a low groan.

Hinahalikan nito ang puno ng kanyang tainga, ang gilid ng kanyang leeg at nilalaro ng isang kamay nito ang mga umbok sa kanyang dibdib.

Kahit tapos na siyang labasan kanina ay heto muli siya at handang sabayan ito sa paraisong gusto rin nitong marating.

Idinapa siya ni Monjour sa kama. Ibinaluktot niya ang mga tuhod, inilapat ang mga kamay sa higaan, at itinaas ang kanyang puwetan. Kumilos ang asawa para pumuwesto sa likuran, sa pagitan ng mga hita niya.

She gasped when he pushed the head of his cock into her. Parang mas malaki ito sa ganoong posisyon. He gave her more inches. Pareho silang napaungol sa sensasyon.

“You feel so good...” He moved in and out of her, holding her by the waist. “Ah, Ara!”

Di tulad kanina na mabagal ang lambingan nila, ngayon ay naririnig niya ang tunog ng pagtama ng mga balakang nito sa loob ng mga hita niya. Naikuyom niya ang mga kamay sa kumot sa ilalim niya.

Binilisan pa nito ang pagbayo sa kanya. Napuno ng malakas nilang ungol ang silid. Wala na siyang pakialam kung may nakakarinig sa kanila sa labas. Hindi na niya mapigil ang sarili.

“Jour...”

Nang ilipat nito ang mga kamay mula sa baywang niya patungo sa mga umbok sa kanyang dibdib at pinisil ang kanyang nipples, napasigaw si Ara kasabay ng pag-abot niya sa rurok.

Kumuyom ang mga kalamnan ng ari niya sa kahandaan ng asawa at kasunod niya itong nakarating sa sukdulan. Sumabog ang mainit na katas ng pagnanasa nito sa pinakaloob niya. Bumagsak ito sa likod niya at ilang sandaling nanatili roon bago gumulong pahiga sa tabi niya. Pareho nilang habol ang hininga.

Nanatili siyang nakadapa, tahimik na nakatingin sa katabi. Nakatagilid si Monjour

paharap sa kanya, parang gustong sauluhin ang ekspresyon ng mukha niya matapos ang mainit nilang pagtatalik.

Gumuhit ang ngiti sa guwapong mukha nito. Iniangat nito ang braso para ilapat sa likod niya, ikinukulong siya sa isang yakap.

“I love you, Ara. I love you so much,” anas nito.

Gumalaw siya para umayos ng higa at sagutin ito, pero bago pa niya magawa ang huli ay narinig na niya ang mahinang hilik ng asawa.

“Sige, tulog ka na,” nakangiti niyang sambit habang mahinang hinahaplos ang mukha nito. “Mahal na mahal din kita. Mahal na mahal kita sobra, mula noon hanggang ngayon.” Kinumutan niya ang kanilang mga hubad na katawan at saka ginawaran ng magaan na halik sa labi ang asawa. Pagkatapos ay ipinikit niya ang mga mata at tuluyang nagpahila sa antok.